

# Education for Better Work

## (Edukasyon para sa Mas Magandang Trabaho)

SELF-RELIANCE

# PAMBUNGAD

## ANG GRUPO BANG ITO AY MAKAKATULONG PARA MAKAPAG-ARAL AKO?

Hindi palaging madali na makapag-aral, ngunit tutulungan ka ng self-reliance group na ito na malaman ang pinakamagandang paraan para matamo ang edukasyon na kailangan mo para sa mas magandang trabaho. Sa mga miting ng grupo, mangangako kang gawin ang ilang partikular na gawain, at bibigyan ka ng grupo ng mga ideya at palalakasin ang iyong loob. Ang mithiin ng grupong ito ay hindi lamang ang tulungan ka na maghanda at magtagumpay sa iyong pag-aaral; ito rin ay para tulungan ka na mas sumunod at manampalataya sa Panginoon at tumanggap ng Kanyang ipinangakong pagpapala na self-reliance sa temporal at espirituwal.

## ANO ANG SELF-RELIANCE GROUP?

Ang self-reliance group ay iba sa karaniwang klase, leksyon, at workshop sa Simbahan. Walang mga guro, lider, o trainer dito. Ang mga miyembro ng grupo ay magkakasamang natututo at sinusuportahan at hinihikayat ang isa't isa. Itinuturing naming responsibilidad ng bawat isa ang mga ipinangako namin at nagpapayuhan kami para solusyunan ang mga problema.

## ANO ANG GINAGAWA NG MGA GROUP MEMBER?

Sa mga miting, ang mga group member ay nangangako na kikilos. Hindi lang kami *nag-aaral* kundi *ginagawa* rin namin ang mga bagay na tutulong sa amin na maging self-reliant. Nangangako kami, tinutulungan ang isa't isa na matupad ang mga pangakong iyon, at inirereport ang aming progreso. Dahil ang grupo ay kumikilos bilang isang council, mahalagang dumalo sa mga miting nang regular at nasa oras. Palaging dinadala ang workbook na ito at ang mga booklet na *My Foundation: Principles, Skills, Habits (Ang Aking Saligan: Mga Alituntunin, Kasanayan, Gawi)* at *My Path to Self-Reliance (Ang Aking Landas Patungong Self-Reliance)*. Ang bawat miting ng grupo ay tatagal nang mga dalawang oras. Ang pagtupad sa aming mga pangako ay aabot nang isa o dalawang oras kada araw.

## ANO ANG GINAGAWA NG FACILITATOR?

Ang mga facilitator ay hindi mga eksperto sa edukasyon o pagtuturo. Hindi nila pinamumunuan o tinuturuan ang grupo. Tinutulungan lang nila ang grupo na sundin nang eksakto ang mga materyal ayon sa mga nakasaad rito. Ang self-reliance specialist ang karaniwang nagpa-facilitate sa mga miting ng grupo; gayunpaman, maaaring mag-assign ng mga group member para mag-facilitate makaraan ang ilang linggo, kung kinakailangan. Para sa karagdagang kaalaman, tingnan ang *Leader Guide* at ang mga kasamang video sa srs.lds.org.

## CERTIFICATE OF COMPLETION

Ang mga group member na nakadalo sa mga miting at tinupad ang kanilang mga pangako ay kwalipikadong tumanggap ng self-reliance certificate mula sa LDS Business College. Tingnan sa pahina 29 sa *My Foundation* para sa mga requirement.



*"Walang problema sa pamilya, ward, o stake ang hindi malulutas kung maghahanap tayo ng solusyon ayon sa pamamaraan ng Panginoon sa pamamagitan ng pagpapayo—talagang pagpapayo—sa isa't isa."*

**M. RUSSELL BALLARD, Counseling with Our Councils, rev. ed. (2012), 4**

# MGA NILALAMAN

1. Anong klaseng trabaho ang makakatulong sa akin para maging self-reliant? ........ 1
2. Anong edukasyon ang makakatulong sa akin na maging kwalipikado sa aking trabaho? ........ 25
3. Paano ko tutustusan ang aking pag-aaral? ........ 41
4. Dapat ba akong mag-loan sa Perpetual Education Fund? ........ 55
5. Paano ako magtatagumpay sa loob ng klase? ........ 79
6. Paano ako magtatagumpay sa labas ng klase? ........ 97

Ang 7–12 na miting ay gagamit ng materyal mula sa aklat na *My Job Search*.

Inilathala ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah
© 2014 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Pagsang-ayon sa Ingles: 8/13
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 8/13
Pagsasalin ng *Education for Better Work*
Tagalog
12377 893



# 1

# *Anong klaseng trabaho ang makakatulong sa akin para maging self-reliant?*

## Education for Better Work


# PARA SA MGA FACILITATOR

**Sa araw ng miting:**

- I-text o tawagan ang mga group member kung mayroon kang contact information nila. Itanong kung pupunta sila sa miting. Anyayahan sila na dumating nang mas maaga ng 10 minuto para lumagda sa attendance roll.
- Ihanda ang mga materyal na gagamitin sa miting:
    - Magdala ng kopya ng workbook na ito at ng booklet na *My Foundation: Principles, Skills, Habits* para sa bawat group member.
    - Maghanda ng paraan na maipanood ang mga video, kung posible.
    - Walang mga aklat o mga video? Maaari mong makuha ang mga ito online sa srs.lds.org.
    - Magdala ng mga kopya ng Self-Reliance Services Preferred Lists: (1) ang Preferred Jobs List at (2) ang Preferred Schools and Programs List. Makakakuha ka nito sa inyong stake self-reliance center, sa self-reliance specialist, o online sa srs.lds.org/pef.

**30 minuto bago magmiting:**

- Iayos ang mga upuan paikot sa isang mesa para magkakalapit ang lahat.
    - Ang facilitator ay hindi nakatayo sa oras ng miting at hindi nakaupo sa uluhan ng mesa. Ang facilitator ay hindi dapat maging sentro ng atensyon kundi dapat siyang tumulong sa mga group member na magpokus sa isa't isa.



**10 minuto bago magmiting:**


- Masayang batiin ang mga group member pagdating nila. Alamin ang kanilang mga pangalan.
- Magpasa ng papel at ipasulat sa mga group member ang kanilang buong pangalan, ward o branch, at petsa ng kapanganakan (araw at buwan, *hindi taon*).
- Mag-assign ng isang timekeeper para hindi lumampas sa oras ang grupo. Ipa-set sa kanya ang timer gaya nang nakasaad sa aklat.
    - Halimbawa, may makikita kayong instruksiyon na nagsasabing "Oras: I-set ang timer nang 60 minuto para sa section na Pag-aralan." Ise-set ng timekeeper ang oras sa isang phone, relo, o iba pang magagamit na timer at sasabihin sa grupo kapag tapos na ang oras. Pagkatapos magpapasiya ang grupo kung sisimulan ang kasunod na section o ipagpapatuloy ang kanilang talakayan nang ilan pang minuto.

**Pagkatapos ng miting:**

- Pagkatapos ng miting ng grupo, magpunta sa srs.lds.org/report at sundin ang mga instruksiyon para mairehistro ang lahat ng group member.
- Pagkatapos ng unang miting, gumawa ng contact list para mabigyan ng kopya ang grupo sa susunod na miting.

**Sa pagsisimula:**

- Sabihin: “Welcome sa self-reliance group na ito.”
- Ipa-turn off sa mga tao ang kanilang mga phone at iba pang devices.
- Sabihin ang mga sumusunod:
    - “Ito ay isang self-reliance group na tinatawag na ‘Education for Better Work (Edukasyon para sa Mas Magandang Trabaho).’ Narito ba kayong lahat para mas matuto pa?
    - “Kung hindi ninyo kailangan ang Perpetual Education Fund loan, magaling! Kung kailangan naman ninyo ng PEF loan, magiging handa kayong mag-apply para dito pagkatapos ng ating pang-apat na miting.
    - “Magmimiting tayo nang 12 beses. Bawat miting ay aabutin ng mga dalawang oras. Gugugol din tayo ng isa hanggang dalawang oras kada araw sa pagtupad ng ating mga pangako na makakatulong sa atin na makakuha ng edukasyon o training. Maipapangako ba natin ito?”
- Magkaroon ng pambungad na panalangin (at himno, kung gusto).
- Sabihin ang mga sumusunod:
    - “Tuwing magmimiting tayo, magsisimula tayo sa isang paksa mula sa booklet na tinatawag na *My Foundation: Principles, Skills, Habits.* Ang booklet na ito ay tutulong sa atin na matutuhan at maipamuhay ang mga principle (alituntunin), skills (kasanayan), at habit (gawi) na hahantong sa pagiging self-reliant sa espirituwal at temporal.”
- **I-set ang timer nang 20 minuto para sa My Foundation.**
- Basahin ang pambungad na liham ng Unang Panguluhan sa pahina 2 ng *My Foundation.* Pagkatapos ay gawin ang alituntunin 1 sa booklet na iyan at balikan ang workbook na ito.



# PAG-ARALAN

## ANO ANG MAGAGAWA NATIN SA GRUPONG ITO?

**Oras:** **I-set ang timer nang 60 minuto para sa section na Pag-aralan.**

**Basahin:** Para maunawaan ang layunin ng self-reliance group na ito, tingnan ang inside front cover ng workbook na ito at basahin ang pambungad.

Narito tayo upang tulungan ang isa't isa na magtamo ng edukasyon at mas mapahusay ang ating trabaho. Mayroon ding tayong mas malaking mithiin: maging self-reliant para lalo pa nating mapaglingkuran ang iba.

**Panoorin:** "Edukasyon para Maging Self-Reliant" (Walang video? Basahin sa pahina 18.)

**Talakayin:** Ano ang natutuhan ninyo o nadama mula sa video?

**Basahin:** Magsalitan tayo sa pagbabasa ng mga pahayag na ito:

1. Gusto nating maging self-reliant.
2. Pero wala tayong skills o mga kasanayan sa ngayon para makakuha ng magandang trabaho o makapagsimula ng magandang negosyo.
3. Kaya, kailangan natin ng edukasyon o training para mapahusay ang ating skills o mga kasanayan.
4. Ang skills o mga kasanayang ito ay magbibigay sa atin ng mas magandang trabaho at mas malaking kita.
5. At ang mas malaking kita na sinamahan ng mas malaking pananampalataya ay makakatulong sa atin na maging self-reliant!

**Talakayin:** Magandang dahilan ba ang mga ito kung bakit tayo narito?

**Basahin:** Sasagutin natin ang sumusunod na mga tanong kada linggo sa ating grupo.

| LINGGO 1 | LINGGO 2 | LINGGO 3 | LINGGO 4 | LINGGO 5 | LINGGO 6 |
|---|---|---|---|---|---|
| Anong klaseng trabaho ang makakatulong sa akin para maging self-reliant? | Anong edukasyon ang makakatulong sa akin na maging kwalipikado sa aking trabaho? | Paano ko tutustusan ang aking pag-aaral? | Dapat ba akong mag-loan sa Perpetual Education Fund? | Paano ako magtatagumpay sa loob ng klase? | Paano ako magtatagumpay sa labas ng klase? |

**Talakayin:** Sa palagay ninyo, bakit natin sinimulan ang linggong ito sa pagpili ng trabahong gusto natin bago natin pagpasiyahan kung ano ang kailangang pag-aralan natin?

**Basahin:** Ang mithiin ng edukasyon ay para makakuha ng magandang trabaho. Sa unang anim na linggo matututuhan natin ang tungkol sa edukasyon. Sa ika-7 hanggang ika-12 linggo, matututuhan natin kung paano maghanap ng magandang trabaho at maging matagumpay rito:

| LINGGO 7 | LINGGO 8 | LINGGO 9 | LINGGO 10 | LINGGO 11 | LINGGO 12 |
|---|---|---|---|---|---|
| Paano ako makakahanap ng mga tamang job opportunity? | Paano ko maipapakita na may tiwala ako sa aking sarili? | Paano ko mapapasok ang mga "hidden" job market? | Paano ko maipapakita na ako ang mas karapat-dapat na piliin kaysa sa iba? | Paano ko pabibilisin ang paghahanap ko ng trabaho? | Paano ako magiging mahusay sa trabaho at patuloy na magtatagumpay? |

**Basahin:** Sa pagtutulungan, masasagot natin ang mga tanong na ito at magtatagumpay!

## ANO ANG MAIBIBIGAY KO?

**Basahin:** Alamin natin kung paano tayo magtutulungan bilang isang grupo.

**Panoorin:** "Matutong 'Humayo at Gumawa'" (Walang video? Basahin sa pahina 20.)

**Talakayin:** Tutulungan natin ang isa't isa na "humayo at gumawa." Ano ang mahalaga sa video na iyan? Paano naiiba ang paraang ito ng pag-aaral sa karaniwang mga klase sa paaralan o simbahan?

**Praktis:** Bumuo ng mga malilit na grupo na may tig-tatatlong katao. Iharap ang inyong mga upuan sa isa't isa, at gawin ang kasunod na aktibidad.

1. Ipakilala nang maikli ang iyong sarili—ang pangalan mo at tungkol sa iyong pamilya. Magkuwento tungkol sa accomplishment mo. Halimbawa: "Nabigyan ako ng service award sa trabaho," o "Nagmisyon ako," o "Napalaki ko ang tatlo kong anak."
2. Ngayon, ang dalawang kasama mo ay dapat kaagad sabihin sa iyo ang mga abilidad mo kaya mo nagawa iyan. Kung sinabi mong, "Nagmisyon ako," maaaring sabihin ng isa, "Kung gayon malakas ang loob mo, masipag ka, isang lider at teacher, at mabait sa mga tao."
3. Ulitin ito sa bawat tao.
4. Magsama-sama muli bilang isang grupo. Ibahagi ang ilang accomplishment ng mga group member at ang ilan sa kanilang abilidad.

**Basahin:** Ang lahat ng ating skills at abilidad ay bahagi ng storehouse o kamalig ng Panginoon. Basahin ang banal na kasulatan sa kanan.

**Talakayin:** Paano magtutulungan ang ating grupo para matulungan ang isa't isa?

*"Upang ang bawat tao ay mapabuti sa kanyang talento, upang ang bawat tao ay magtamo ng iba pang mga talento, oo, maging sandaang ulit, para mailagay sa kamalig ng Panginoon . . . bawat taong hinahangad ang kapakanan ng kanyang kapwa, at ginagawa ang lahat ng bagay na ang mata ay nakatuon sa kaluwalhatian ng Diyos."*

**DOKTRINA AT MGA TIPAN 82:18–19**

**Praktis:** Gawin natin ang unang aksyon natin bilang isang grupo. Mag-isip sa loob ng limang minuto at pagpasiyahan kung ano ang itatawag sa ating grupo.

Isulat ang pangalan ng grupo sa ibaba:

______________________________________________

## ANO ANG GUSTO KONG MAGING TRABAHO?

**Basahin:** Sa linggong ito, magpapasiya tayo kung anong klaseng trabaho ang magagawa natin para lalo tayong maging self-reliant. Pagkatapos, babalik tayo at magrereport.

Ang kasunod na tanong at gagawin sa linggong ito ang gagabay sa ating talakayan at mga ipinangako.

**Basahin:** **TANONG SA LINGGONG ITO—Anong klaseng trabaho ang makakatulong sa akin para maging self-reliant?**

**GAGAWIN SA LINGGONG ITO—Pag-aaralan at susuriin ang mga opsyon ko sa gusto kong maging trabaho, aalamin ang tungkol sa mga ito sa ibang tao, at maghahanda ng work plan.**

**Praktis:** Isulat ang halaga ng kita na kailangan mo kada buwan para maging self-reliant (mula sa self-reliance assessment sa *My Path*):

**Kailangan ko ng** ___halaga___ **kada buwan para maging self-reliant.**

**Basahin:** Ngayon, anong trabaho ang gusto natin na makapagbibigay ng ganitong kita?

**Panoorin:** "Ang PEF Preferred Lists" (Walang video? Basahin ang pahina 21.)

Ang booklet na *My Path* ay makakatulong sa iyo na gawin ang mga desisyong ito.

**Praktis:** Kailangang bigyan ng facilitator ang bawat group member ng isang kopya ng Preferred Jobs List.

1. Iharap ang iyong upuan sa iba pang miyembro ng grupo. Nang magkasabay, tingnan ang Preferred Jobs List na ibinigay sa iyo ng facilitator.
2. Ngayon sagutin ang mga tanong na ito:
   - Anong mga trabaho ang nakatawag ng iyong pansin? Mayroon bang parang tugma sa iyong mga kakayahan o karanasan?
   - Aling trabaho ang mataas ang suweldo?
   - Alin ang nangangailangan ng karagdagang edukasyon?
   - Paano makakatulong sa iyo ang listahang ito?

**Basahin:** Kapag may ideya na tayo kung anong mga trabaho ang makatutugon sa kailangan nating kita, at maraming nangangailangan nito, kailangan malaman pa natin ang tungkol sa mga opsyon at magpasiya tayo. Isang "work plan" ang makakatulong sa atin para mapagpasiyahan ang magiging trabaho o negosyo natin.

**Basahin**: Sa linggong ito, gagawa tayo ng isang work plan (tingnan sa pahina 24). Ang paggawa nito ay tutulong sa atin para malaman kung paano ito gawin, nang sunud-sunod!

**Praktis**: Humarap sa isang miyembro ng grupo at gawin ang praktis na ito nang magkasama.

**Hakbang 1.** Basahin ang dalawang halimbawa. Pagkatapos, para mapraktis, isulat ang isang klase ng trabaho na pinag-iisipan mo sa blankong kahon sa ilalim ng "Ang Iyong Halimbawa." Sa kasunod na linya, isulat ang mga pangalan ng mga tao na matatanong mo tungkol sa trabahong iyan.

| ANG AKING WORK PLAN: ANONG TRABAHO ANG MAKAKATULONG SA AKIN PARA MAGING SELF-RELIANT? | | | |
|---|---|---|---|
| | HALIMBAWA 1 | HALIMBAWA 2 | ANG IYONG HALIMBAWA |
| Maglista ng tatlong klase ng trabaho na pag-iisipan mo. | *Auto Mechanic* | *Medical Technology Operator* | |
| **SINO ANG MAY ALAM TUNGKOL SA GANITONG KLASE NG TRABAHO?** | | | |
| Maglista ng 3–5 tao na kakausapin tungkol sa bawat trabaho. | *Miguel, kaibigang mekaniko*<br>*Roberto, car salesman*<br>*Carlos, tiyo ko* | *Naomi, nagtatrabaho sa hospital*<br>*Dorine, nurse*<br>*Susy, eksperto sa computer* | |

**Hakbang 2.** Basahin ang mga tanong at halimbawa sa ibaba. Sulatan ang mga kahon para sa "Ang Iyong Halimbawa." Para sa praktis na ito, kailangang manghula ka.

| ANO ANG MGA ITATANONG KO SA MGA TAONG ITO? | | | |
|---|---|---|---|
| | HALIMBAWA 1 (AUTO MECHANIC) | HALIMBAWA 2 (MEDICAL TECHNOLOGY OPERATOR) | ANG IYONG HALIMBAWA |
| Magkanong suweldo ang maaari kong asahan kada buwan kapag nagsimula na akong magtrabaho? Magkanong suweldo ang maaari kong asahan pagkaraan ng isang taon? | *Suweldo sa simula: 3500*<br>*Pagkaraan ng isang taon: 4500* | *Suweldo sa simula: 4200*<br>*Pagkaraan ng isang taon: 5000* | |
| Paano ako maghahanda para sa bawat klase ng trabahong ito? | *Mechanical school, 8 buwan*<br>*1 taong experience*<br>*May kilalang tao, may mga kontak* | *Med tech school, 2.5 taon*<br>*1.5 taong experience*<br>*Pumasa sa math, science classes* | |
| May mga paaralan sa lugar? | *Oo* | *Oo* | |
| Dumarami ang nangangailangan sa ganitong klase ng trabaho? | *Mabagal, hindi gaanong kailangan* | *Mabilis, maraming kailangan* | |
| Magkano ang kailangan para makapagsimula? | *6000 para sa mga kagamitan* | *4000 para sa certification exam* | |

**Hakbang 3.** Basahin ang mga halimbawa at pagkatapos ay ibuod ang iyong mga sagot sa pangatlong column. Tandaan, ito ay praktis lang. Kukuha tayo nang mas angkop na impormasyon sa linggong ito. Kapag tapos ka na, bumalik sa buong grupo.

| ALING TRABAHO ANG MAKAPAGBIBIGAY NG MATAAS NA KITA AT ANGKOP SA AKING KAKAYAHAN AT KASANAYAN? | | | |
|---|---|---|---|
| | HALIMBAWA 1 (AUTO MECHANIC) | HALIMBAWA 2 (MEDICAL TECHNOLOGY OPERATOR) | ANG IYONG HALIMBAWA |
| Ano ang natutuhan ko sa mga opsyong ito? Alin ang pinakaangkop sa akin? | *Maikli ang panahong gugugulin sa paaralan, kaunti ang gastos, sapat lang ang kita para matugunan ang mga pangangailangan, hindi gaanong kailangan.* | *Mahabang panahon ang kailangan para maging kwalipikado, maraming panahon ang gugugulin sa paaralan, mas maraming gastos, mas mataas ang kita, maraming nangangailangan.* | |

**Basahin**: Pagkatapos makakuha ng impormasyon sa linggong ito kailangan nating magpasiya. Maaari tayong magdasal at basahin ang ating patriarchal blessing para makatulong sa atin. Alalahanin: (1) Magsimula tayo sa kung magkanong kita ang kailangan natin para maging self-reliant. (2) Pagkatapos ay pipiliin natin ang trabahong gusto natin na makapagbibigay ng ganoong kita. (3) Pagkatapos niyan, makakapagpasiya na tayo kung ano ang pag-aaralan o kukuning training para maging kwalipikado tayo sa trabahong iyan.

## PAANO KO IPI-PRESENT ANG WORK PLAN?

**Basahin**: Sa susunod na linggo, ipi-present natin ang ating work plan sa buong grupo. Kaya't panoorin natin ang halimbawang ito at pagkatapos praktisin natin.

**Panoorin**: "Ang Aking Work Plan sa Loob ng Tatlong Minuto" (Walang video? Basahin sa pahina 22.)

**Praktis**: Tumayo at anyayahan ang isang tao na hindi ninyo nakasama sa praktis sa araw na ito. I-present ang halimbawang ito ng work plan (sa mga pahina 7–9) na parang sa iyo ito. Sundin ang mga halimbawa sa video. Kung wala ka ng ilang impormasyon, gamitin lamang ang iyong imahinasyon.

1. Ikuwento sa loob ng isang minuto ang tungkol sa mga pinagpipilian mong trabaho at kung sino ang tinanungan mo tungkol sa mga trabahong ito.
2. Sa loob ng isang minuto ipabahagi ang mga sagot sa mga itinanong mo.
3. Sa loob ng isang minuto sabihin kung alin sa mga halimbawa ng mga trabaho ang pipiliin mo at ipaliwanag ang dahilan.
4. At sa loob ng dalawang minuto humingi ng feedback sa ibang tao. Tanungin: Paano ko mas mapapaganda ang aking work plan? Paano ko ito maipi-present nang mas epektibo?
5. Magpalitan ng role at ipa-present ito sa iba pa.

**Talakayin**: Kasama ang buong grupo, talakayin kung paano ka mangangalap ng impormasyon sa loob ng isang linggo at paano mo ipi-present ang iyong mga work plan sa susunod na linggo. Magtanong at magbahagi ng mga ideya.

**Basahin**: Sa loob ng isang linggo, mangalap ng impormasyon at ilagay ito sa work plan sa kasunod na pahina. Kumausap ng mas maraming tao hangga't maaari. Magtanong ng marami! Kung kailangan mo nang mas maraming espasyo na susulatan, maaari kang gumamit ng karagdagang work plan sa pahina 24.

| ANG AKING WORK PLAN: ANONG TRABAHO ANG MAKAKA-TULONG SA AKIN PARA MAGING SELF-RELIANT? | | | |
|---|---|---|---|
| Maglista ng tatlong klase ng trabaho na pag-iisipan mo. | | | |
| **SINO ANG MAY ALAM TUNGKOL SA GANITONG KLASE NG TRABAHO?** | | | |
| Maglista ng 3–5 tao na kakausapin tungkol sa bawat trabaho. | | | |
| **ANO ANG MGA ITATANONG KO SA MGA TAONG ITO?** | | | |
| Magkanong suweldo ang maaari kong asahan kada buwan kapag nagsimula na akong magtrabaho? Magkanong suweldo ang maaari kong asahan pagkaraan ng isang taon? | | | |
| Paano ako magha-handa para sa bawat klase ng trabahong ito? | | | |
| May mga paaralan sa lugar? | | | |
| Dumarami ba ang nangangailangan sa ganitong klase ng trabaho? | | | |
| Magkano ang kaila-ngan para makapagsi-mula? | | | |
| Iba pang mga tanong? | | | |
| **ALING TRABAHO ANG MAKAPAGBIBIGAY NG MATAAS NA KITA AT ANGKOP SA AKING KAKAYAHAN AT KASANAYAN?** | | | |
| Ano ang natutuhan ko sa mga opsyong ito? Alin ang pinakaangkop sa akin? | | | |

## PAANO KO MAPAPANGASIWAAN NANG MATALINO ANG AKING FINANCES O PANANALAPI?

**Basahin**: Ang pagiging self-reliant ay hindi paggugol nang higit pa sa iyong kinikita at pag-iimpok ito ng pera. Ang pag-iimpok ay makakatulong sa atin na matugunan ang mga di-inaasahang gastusin o pangangailangan para sa ating sarili at pamilya kapag mas mababa ang kita natin kaysa sa inaasahan natin. Bilang bahagi ng grupong ito, nangangako tayo na mag-iimpok kada linggo, kahit kaunti lang.

**Talakayin**: Sa ilang lugar, magandang ideya ang mag-impok sa bangko. Sa iba namang lugar, hindi magandang ideya ito, gaya ng kapag ang isang bansa ay nakakaranas ng mataas na inflation o kapag hindi matatag ang bangko. Maganda bang mag-impok sa bangko sa inyong lugar? Aling bangko ang nag-aalok ng pinakamagandang rate para sa savings?

**Basahin**: Isa pang bahagi ng pagiging self-reliant ay ang hindi pangungutang. Ang mga personal loan ay ginagamit para gumastos nang higit kaysa kaya nating bayaran. Pinayuhan tayo ng mga propeta na iwasan ang pangungutang, at kapag mas lalo tayong naging self-reliant mababawasan at maaalis ang pangungutang natin (bagama't ang pag-utang para sa negosyo ay maganda sa ilang sitwasyon).

Ang biglaang pagkakasakit ay kadalasang sanhi ng malaking gastusin. Ang insurance at mga healthcare program ng gobyerno ay madalas makatulong sa problemang ito. Ang pagkuha ng insurance o medical program ng gobyerno ay maaaring maging mahalagang bahagi ng pagiging self-reliant natin.

**Talakayin**: Ang ilang uri ng insurance (gaya ng health insurance at life insurance) ay mas madaling makuha at mas nakakatulong kaysa sa iba pang uri ng insurance. Ang ilan sa mga insurance providers ay maganda at ang iba ay madaya. Ano ang ilan sa mga pinakamagandang insurance option sa inyong lugar?

## BAKIT NAIS NG PANGINOON NA MAGING SELF-RELIANT TAYO?

**Talakayin**: Bakit nais ng Panginoon na maging self-reliant tayo?

**Basahin**: Basahin ang quotation sa kanan.

**Talakayin**: Paano nagsisilbing "banal na layunin," ang ating pagsisikap na makapagtrabaho tulad ng sinabi ni Elder Christofferson?

**Basahin**: Matutulungan tayo ng Panginoon na maging self-reliant. Sinabi Niya, "Masdan, ako ang Diyos; at ako ay Diyos ng mga himala" (2 Nephi 27:23). Kapag iniukol, o inilaan natin ang ating pagsisikap na magtagumpay sa ating trabaho sa banal na layunin na maging self-reliant, papatnubayan tayo ng Panginoon. Kapag ipinakita natin ang ating pananampalataya sa pamamagitan ng pakikinig at pagsunod sa Kanyang panghihikayat, ang Panginoon ay gagawa ng mga himala at palalakasin tayo upang magawa ang hindi natin kayang gawin.

*"Ang paglalaan ay pagtatalaga sa isang bagay bilang sagrado, na inilaan para sa mga banal na layunin."*

**D. TODD CHRISTOFFERSON, "Larawan ng Isang Buhay na Inilaan," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2010, 16**

## PAANO AKO MAGHAHANDA PARA MAKA-LOAN SA PEF?

Kung ikaw at ang iyong pamilya ay walang itutustos sa pag-aaral, at hindi ka makakuha ng iba pang financial resources sa inyong lugar, maaari kang maging kwalipikado sa PEF loan na makakatulong sa iyong pag-aaral. Ang iyong work plan ay makakatulong din sa iyo na maghanda para sa PEF loan. Kung sa palagay mo ay kakailanganin mo ang PEF loan, sagutin ang mga tanong na ito habang ginagawa mo ang iyong work plan at itago ang impormasyong ito para sa iyong PEF application.

Perpetual Education Fund

| ANG AKING WORK PLAN: ANONG TRABAHO ANG MAKAKATULONG SA AKIN PARA MAGING SELF-RELIANT? | |
|---|---|
| **Kasalukuyang Trabaho** | |
| Bilang ng oras ng iyong trabaho kada linggo (lahat ng trabaho): | |
| (Mga) trabaho: | |
| Kita kada buwan: | |
| **Magiging Trabaho (dapat nasa SRS Preferred Jobs List o dapat mag-request ng exception)** | |
| Magiging (mga) trabaho: | |
| Estimated na kita kada buwan (pagkatapos makumpleto ang kurso): | |

# PAG-ISIPANG MABUTI

## ANO ANG DAPAT KONG GAWIN PARA MAS UMUNLAD?

**Oras:** **I-set ang timer nang 10 minuto para sa section na Pag-isipang Mabuti.**

**Praktis:** Basahin ang banal na kasulatan sa kanan o mag-isip ng iba pang banal na kasulatan. Tahimik na pag-isipang mabuti ang iyong natutuhan. Isulat sa ibaba ang anumang impresyong naisip mo.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**Talakayin:** May gusto bang magbahagi ng kanyang mga ideya?

*"Katotohanang sinasabi ko, ang mga tao ay nararapat na maging sabik sa paggawa ng mabuting bagay, at gumawa ng maraming bagay sa kanilang sariling kalooban, at isakatuparan ang maraming kabutihan."*

**DOKTRINA AT MGA TIPAN 58:27**

# MANGAKONG GAWIN

## PAANO AKO MAGKAKAROON NG PROGRESO ARAW-ARAW?

**Oras:** **I-set ang timer nang 10 minuto para sa section na Mangakong Gawin.**

**Basahin:** Kada linggo, pipili tayo ng "action partner." Ito ay isang group member na makakatulong sa atin para matupad natin ang ating mga pangako. Dapat kausapin ng mga action partner ang isa't isa sa loob ng isang linggo at ireport sa isa't isa ang kanilang progreso. Karaniwan, ang mga action partner ay dapat parehong lalaki o parehong babae at hindi kapamilya.

**Praktis:** Pumili ng action partner. Pagpasyahan kung kailan at paano kayo makakapag-usap.

_______________________________ _______________________________

*Pangalan ng action partner* *Contact information*

**Basahin nang malakas sa iyong action partner ang bawat pangako. Mangakong tuparin ang iyong mga pangako! Lumagda sa ibaba.**

### ANG AKING MGA PANGAKO

**Kakausap ako ng kahit limang tao lang para makatipon ng impormasyon para sa aking work plan.**

Ang aking mithiin: 5 8 10

**Ihahanda ko ang aking work plan para sa presentation.**

Gagawin ko ang alituntunin sa *My Foundation* na pinag-aralan ngayon at ituturo ito sa aking pamilya.

Magdadagdag ako sa aking impok—kahit kaunti lang.

Magrereport ako sa aking action partner.

_______________________________ _______________________________

*Ang aking lagda* *Lagda ng action partner*

## PAANO KO IREREPORT ANG AKING PROGRESO?

**Panoorin:** “Pagkilos at Paggawa ng Pangako” (Walang video? Basahin sa pahina 23.)

**Basahin:** Kapag inirereport natin ang mga ipinangako nating gawin, mas matutupad natin ang mga ito. Basahin ang quotation sa kanan.

**Praktis:** Bago ang susunod na miting, gamitin ang commitment chart na ito para irekord ang iyong progreso. Sa mga kahon sa ibaba, isulat ang “Oo,” “Hindi,” o ang bilang kung ilang beses mong tinupad ang iyong pangako.

| Kumausap ng kahit limang tao tungkol sa aking work plan (Isulat ang #) | Naghanda ng work plan presentation (Oo/Hindi) | Ginawa ang alituntunin sa Foundation at itinuro ito sa pamilya (Oo/Hindi) | Nagdagdag sa impok na pera (Oo/Hindi) | Nagreport sa action partner (Oo/Hindi) |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |


**Basahin:** Alalahanin din na irekord ang iyong gastusin sa likod ng iyong booklet na *My Path to Self-Reliance*.

Sa susunod na miting ng grupo, ang facilitator ay gagawa ng isang commitment chart sa pisara (gaya ng makikita sa itaas). Darating tayo 10 minuto bago magsimula ang miting at isusulat ang ating progreso sa chart.

Pumili ng facilitator para sa paksa sa *My Foundation* sa susunod na miting. Ipabasa sa kanya ang inside front cover ng workbook na ito para matutuhan ang ginagawa ng mga facilitator. Kailangang gawin din niya ang ginawa ng facilitator ngayon:

- Anyayahan ang Espiritu; anyayahan ang mga group member na hangarin ang Espiritu.
- Magtiwala sa mga materyal; huwag magdagdag; gawin lamang ang sinasabi rito.
- Pangasiwaan ang oras.
- Dagdagan ng sigla; magkatuwaan!

Hilingan ang isang tao na magbigay ng pangwakas na panalangin.



*“Kapag sinukat ang paggawa, humuhusay ang paggawa. Kapag sinukat at iniulat ang paggawa, mas lalo pang humuhusay ang paggawa.”*

**THOMAS S. MONSON, sa Conference Report, Okt. 1970, 107**

***Tumatanggap ng Feedback***

*Mangyaring ipadala ang inyong mga ideya, feedback, mungkahi, at karanasan sa srsfeedback@ldschurch.org.*

***Paalala sa Facilitator:***

*Tandaan na irehistro ang lahat ng group member sa srs.lds.org/report.*

*Tandaan din na gumawa ng mga kopya ng contact information ng grupo para sa susunod na miting.*

# Mga Resources

## EDUKASYON PARA MAGING SELF-RELIANT

Pumili ng role at isadula ang sumusunod.

***FACILITATOR:*** *Welcome sa inyong lahat! Magpakilala kayo at magkuwento nang kaunti tungkol sa inyong sarili.*

***KWAME:*** *Ako si Kwame. Kauuwi ko lang mula sa misyon, naghahanap ng mapapangasawa, at kung anu-ano ang pinagkakakitaan.*

***CONSUELO:*** *Ako si Consuelo; may asawa at dalawang maliliit na anak; tinutulungan ko ang asawa ko sa pagtitinda ng prutas.*

***MEKALA:*** *Ako si Mekala. Ako ay single mother at may anim na taong gulang na anak. Ang trabaho ko ay maglinis ng mga hotel.*

***ROBERT:*** *Ako si Robert, may asawa at limang anak, at kasalukuyang bishop, pero nahihirapang makahanap ng magandang trabaho.*

***FACILITATOR:*** *Okey, magaling. Bakit kayo naritong lahat?*

***KWAME:*** *Gusto kong mag-aral. Lahat ng companion ko sa misyon ay nag-aaral sa kolehiyo, at gusto ko rin iyon.*

***ROBERT:*** *Umaasa ako na makakapag-loan sa Perpetual Education Fund—hindi ba't tungkol ito dito?*

***CONSUELO:*** *Sinabi ng propeta na magtamo ng edukasyon hangga't maaari, kaya sinabi ko sa asawa ko na kailangan kong gawin ito.*

***MEKALA:*** *Kailangan ko lang ng mas magandang trabaho para lalo ako maging self-reliant, at kaunti lang ang skills ko.*

***FACILITATOR:*** *Okey, mukhang marami tayong dahilan kaya tayo narito. Maaayos natin ito nang magkakasama. Mekala, napakahalaga ng sinabi mo. Sige magkuwento ka pa.*

***MEKALA:*** *Mahabang oras ang trabaho ko at hindi ko gaanong nakakasama ang anak ko. At nalaman ko na hindi ako makakakuha ng mas magandang trabaho nang walang training. Kaya, kailangan kong mag-aral pa para magkaroon ng mga skills. Sinabi ng bishop ko na ito ang puntahan ko.*

***FACILITATOR:*** *Tama ka, Mekala! Sa totoo lang, iyan ang dahilan kaya tayo naririto. Hindi lamang ito tungkol sa edukasyon. Nakakagulat di ba? Tutulungan tayo ng grupong ito na magtamo ng training o edukasyon, pero ang layunin ay magkaroon ng mga kasanayan, makakuha ng mas magandang trabaho, at madagdagan ang ating kita. Marahil ang pinakamahalaga, para sa 12 linggong ito, ay matutuhan natin ang mga alituntunin, kasanayan, at mga gawi na makakatulong sa atin na talagang maging self-reliant. Kaya higit pa ito sa pag-aaral lamang.*

***ROBERT:*** *Paano iyong sa PEF loans?*

**nasa kabilang pahina ang karugtong**

***FACILITATOR:*** *Kung sa palagay mo, kailangan mo talaga ng loan, tiyak na makakakuha nito, at malalaman nating lahat kung paano gawin iyan. Pero paano kung makapasok kayo sa training nang hindi na kailangang mag-loan? Hindi kayo magkakautang.*

***CONSUELO:*** *Makakatulong ba ito sa amin na makapasok sa isang unibersidad?*

***FACILITATOR:*** *Kung iyan ang tamang lugar para makakuha ng mga kasanayan na kailangan ninyo para makakuha ng magandang trabaho, oo ang sagot. Pero kung minsan kahit tapos ka sa kolehiyo wala ka pa ring napapasukang trabaho.*

***ROBERT:*** *Totoo iyan. May kilala akong mga doktor na nagmamaneho ng taxi.*

***KWAME:*** *Gusto ko lang na may masimulan ako. Bago ako nagmisyon nagtitinda ako sa kalye. Wala akong anumang kasanayan sa trabaho.*

***CONSUELO:*** *Narito ba tayo para pag-aralan ang trabaho o edukasyon?*

***FACILITATOR:*** *Pareho! Gusto nating maging self-reliant, di ba? Kaya pag-aaralan natin ang mahahalagang alituntunin ng self-reliance. Sisimulan natin sa pagpapasiya kung anong klaseng trabaho ang magbibigay sa atin ng kita para maging self-reliant tayo.*

*Kasunod niyan, magpapasiya tayo kung anong training o edukasyon ang tutulong sa atin para maging kwalipikado sa trabahong iyan. Pagkatapos pag-iisipan natin kung paano babayaran ang pag-aaral na iyan at paano magtatagumpay sa paaralan. Tutulungan natin ang isa't isa na makamit ang ating mga mithiin.*

***ROBERT:*** *Maganda iyan. Hanggang ngayon, ang nasa isip ko lang ay makapag-aral, pero hindi ko naisip kung bakit ako mag-aaral.*

***KWAME:*** *Tila maituturo nito sa akin ang dapat kong gawin. Kaya pala pinapunta ako rito ng quorum president ko!*

***MEKALA:*** *Pero talaga bang epektibo ito? Talagang desperado ako, at sinubukan ko ang ibang paraan para makapag-aral noon.*

***FACILITATOR:*** *Kailangan nating samasamang magsikap, at magtulungan. Pero naniniwala ako na epektibo ito. Naniniwala ako nang buong puso na nais ng Panginoon na maging self-reliant tayo at magtagumpay. Gusto Niyang matuto tayo at umunlad. At matutulungan Niya tayo. Totoo ang Pagbabayad-sala, kapwa sa mga bagay na temporal at espirituwal. At ang mga self-reliance group ay marami nang natulungang tao tulad natin. Ano sa palagay ninyo? Magagawa ba natin ito? Pwede ba nating subukan? Narito ang kuwento ng isang tao:*

***EMELDA:*** *Ang pagiging top student ay isang bagay na nagawa ko hindi dahil sa sarili ko; dahil ito sa Simbahan! Alam ko na sa pagsapi ko sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay mapapalakas ang espirituwalidad ko, pero hindi ko naisip na magbibigay din ito sa akin ng pagkakataong mapahusay ang aking pag-aaral.*

*Ang pag-aaral ng ebanghelyo ay talagang nagpamulat sa akin. Dahil dito ay natanto ko na ako ang gagawa ng sarili kong kapalaran. Anuman ang sitwasyon natin sa kasalukuyan at nadarama natin, hindi ako nagdududa na may magandang plano ang Ama sa Langit para sa atin.*


**Bumalik sa pahina 4**

## MATUTONG "HUMAYO AT GUMAWA"

Magsalitan sa pagbabasa ng kasunod na mga talata.

*Sa karaniwang klase, madalas nating sundin ang pattern na ito: (1) Papasok tayo sa klase at mauupo, na halos walang ginawang paghahanda. (2) Ang teacher ang nagsasalita. (3) Sinisikap nating makinig at matuto. (4) Kung minsan sumasagot tayo sa tanong. At pagkatapos (5) umuuwi na tayo.*

*Sa ating self-reliance group, ibang pattern ang susundin natin.*




Sa linggong ito, kikilos tayo. Gagawin natin ang ipinangako natin sa nakaraang miting . Magtatanong tayo, susubukan ang mga ideya, at talagang matututo.

At, bago magmiting ang grupo, rerepasuhin nating lahat ang workbook at mga pangako natin at darating nang handa at nasa oras.

Sa unang bahagi ng bawat miting, magpopokus tayo sa alituntunin o gawi sa *Foundation*. Mangangako rin tayo na ituturo ito sa ating pamilya at sa iba.

Kasunod nito, ***magrereport*** tayo tungkol sa mga ipinangako natin, matututo mula sa isa't isa, at maghahanap ng paraan na humusay pa.

Pagkatapos, ***pag-aralan*** natin. Dito, susuriin natin ang mga ideya at tools na kakailanganin natin para "humayo at gumawa" sa linggong ito. Magkakasama tayong magtatalakayan, manonood ng mga video, mag-aaral, at magpapraktis.

Pagkatapos ng bahaging pag-aralan, hihinto tayo sandali at ***pag-iisipang mabuti*** ito. Maaaring ito ang oras na magkaroon tayo ng inspirasyon at mga sagot.

Sa huli, ***mangangako*** tayo sa isa't isa. Rerepasuhin natin ang gagawin natin sa linggong ito para mapabuti ang ating buhay.

At ibinabalik tayo niyan sa ***pagkilos.*** Ang pinakamahalagang bahagi ng learning pattern na ito ay nangyayari sa pagitan ng mga miting! Para matulungan tayo, pipili tayo ng "action partner" para sa buong linggo, at kakausapin natin bawat araw ang taong iyan para maireport kaagad ang ginawa natin at natutuhan. Maaari tayong mag-text o gumamit ng iba pang communication tools. Bukod pa rito, malaki ang maitutulong ng pamilya natin!

**Bumalik sa pahina 5**

## ANG PEF PREFERRED LISTS

Pumili ng role at isadula ang sumusunod.

***FACILITATOR:*** *Makinig kayo. Ang PEF Preferred List na ito ay nagpapakita ng ilan sa pinakamagandang trabaho, educational program, at paaralan sa ating lugar. Kung kailangan ninyo ng PEF loan, kailangan ninyong pumili mula sa listahang ito.*

***CONSUELO:*** *Bakit?*

***FACILITATOR:*** *Magandang tanong 'yan. Ipinapakita sa listahang ito ang pinakamagagandang trabaho sa ating lugar. Ang mga ito ay "preferred jobs" at marami ang kailangan dito. Maraming mapapasukang ganitong trabaho at marami ang natatanggap.*

***ROBERT:*** *Makakatulong nga ito. Sino ang gumawa ng listahang ito?*

***FACILITATOR:*** *Nag-research ang ating lokal na self-reliance services manager at ilang volunteers sa ating job market, inobserbahan ang job trends, at aktuwal na nakipag-usap sa maraming local employer. Nahanap din nila ang mga local school at program na makakatulong sa mga tao na magkaroon ng mga skills na kakailanganin para sa preferred jobs.*

***MEKALA:*** *Inilista rin nila kung gaano kahaba ang mga program at ang gagastusin dito.*

***KWAME:*** *Wow. Nakakatuwang makita na may mga paaralan na mahigit dalawang taon ang kailangan para makatapos at ang iba ay 10 buwan lang para sa parehong kurso.*

***CONSUELO:*** *At magkaibang-magkaiba ang babayaran. Bakit kaya?*

***FACILITATOR:*** *Malalaman pa natin ang tungkol sa bayarin at halaga sa susunod na mga linggo. Pero ang nakikita ninyo ay mahalaga. Hindi lahat ng paaralan ay magkakapareho ng kalidad!*

***MEKALA:*** *Mahalaga iyan. Gusto kong mag-aral sa isang paaralan na makakatulong sa akin na makakuha ng magandang trabaho. Pero ang mas maikling kurso na kaunti lang ang babayaran ay mahalaga rin.*

***FACILITATOR:*** *Tama. Ang mga preferred school at program ay nagbibigay ng mga kasanayan o skills para sa mga preferred job na sulit ang haba ng panahong gugugulin at babayaran. Dapat mataas din ang job placement rates nila. Napakahalagang tool nito para sa atin.*

***ROBERT:*** *Makakatulong ba ito kahit hindi ako mag-loan sa PEF?*

***KWAME:*** *Oo, siyempre. Magsisimula ako sa listahan na ito.*

***FACILITATOR:*** *Mabuting ideya. At kung hindi kayo nakapili ng trabaho, program, kurso, o paaralan sa listahan, sasagutan pa rin ninyo ang mga tanong na ito: anong mga trabaho ang kailangang-kailangan, at anong mga program at paaralan ang pinakamahusay para sa mga trabahong iyon. Ano sa palagay ninyo?*

**Bumalik sa pahina 6**

## ANG AKING WORK PLAN SA LOOB NG TATLONG MINUTO

Pumili ng role at isadula ang sumusunod.

***MEKALA:*** *Okay, narito ang aking work plan sa loob ng tatlong minuto. Ang una ay ilista ang mga trabahong pagpipilian ko. Hindi pa rin ako gaanong sigurado sa mga ito pero marami akong natututuhan at lalo pang umaasa. Ang mga ito ay executive assistant, teacher, at hotel management. At ang kasunod . . .*

***ROBERT:*** *Ang kasunod na bahagi ng work plan ay ang mga taong nakausap ko. Para sa pagiging interpreter, nakipag-usap ako sa mga tao sa translation agency at sa aking stake president, na nakagawa na ng maraming international work. Para sa education administrator, dalawang tao mula sa pribadong paaralan ang makikipag-usap sa akin anumang oras. At para sa opsyong bakery business, nakipag-usap ako sa apat na may-ari ng iba't ibang bakery, pati na sa tiya Ellen ko. Dahil may alam ako sa negosyo, maaaring maging posible ito.*

*May mga tanong o feedback ba kayo sa akin?*

***MEKALA:*** *Alin sa mga opsyong iyon ang magtutulot sa iyo na magampanan nang mas mabuti ang iyong tungkulin sa Simbahan? Alam ko na mahalaga iyan sa iyo.*

***CONSUELO:*** *At magkano ang equipment para masimulan ang bakery?*

***ROBERT:*** *Magagandang tanong iyan. Palagay ko may oras pa ako, at ang halaga . . .*

***KWAME:*** *Wow, napakagandang aktibidad nito, di ba? Parang nasa misyon ka uli. Isang welding shop manager ang nagsabi sa akin kung paano siya na-train at kung saan at magkano ang binayaran niya rito. At sabi niya na ang mabuting gawin ko ay mag-apprenticeship ako. Isang shop ang kaagad nag-alok sa akin ng apprenticeship, pero walang bayad, kaya di ko alam ang gagawin tungkol dito. At talagang maganda sa police academy. Kailangan kong pumasok sa paaralan nang isang taon at sumama-sama sa ilang opisyal nang isa pang taon. Kaya mas mahal ang bayad, pero ang suweldo ay apat na beses kaysa sa dati kong suweldo. Kailangan kong pumili . . .*

***CONSUELO:*** *At sa huli, kailangan kong pumili. Dalawa na lang ang pinagpipilian ko sa ngayon, at pinag-iisipan namin ito ng pamilya ko at maayos naman. Pinag-iisipan ko ang software specialist o medical technologist. Pareho lang ang bayad sa mga ito pero ang software specialist ay mas mainam para sa aking pamilya. Matutulungan ko pa rin ang asawa ko, at mas maiksi ng tatlong buwan ang pasok sa paaralan . . .*

***KWAME:*** *Sige, tapos na ang oras. May progreso na tayo!*

**Bumalik sa pahina 10**

## PAGKILOS AT PAGGAWA NG PANGAKO

Pumili ng role at isadula ang sumusunod.

***GROUP MEMBER 1:*** *Naniniwala tayo sa paggawa at pagtupad ng mga pangako. Sa ating self-reliance group, lahat ng ginagawa natin ay paggawa ng pangako at pagrereport.*

***GROUP MEMBER 2:*** *Sa pagtatapos ng miting ng grupo, rerepasuhin natin ang ating gagawin sa linggo ito at lumalagda para ipakita ang ating katapatan. Pumipili rin tayo ng "action partner." Lumalagda ang action partner sa ating workbook na ipinapangako ang kanyang suporta. At bawat araw sa pagitan ng mga miting, kinakausap natin ang ating action partner para ireport ang ating mga ginawa at magpatulong kapag kailangan.*

***GROUP MEMBER 3:*** *Sa pagitan ng mga miting, minamarkahan natin ang ating progreso sa workbook at ginagamit ang mga tools na ibinigay, gaya ng mga worksheet o iba pang mga form. At kung kailangan natin ng dagdag na tulong, matatawagan natin ang ating pamilya, mga kaibigan, o ang facilitator.*

***GROUP MEMBER 4:*** *Sa simula ng ating susunod na miting, babalik tayo at magrereport tungkol sa mga ipinangako natin. Kailangang ito ay maging komportable at nakakahikayat na karanasan para sa lahat. Kapag nagrereport ang bawat miyembro ng grupo, pag-isipan kung paano siya natulungan ng paggawa ng mga pangako at pagrereport ng progreso.*

***GROUP MEMBER 1:*** *Noong una akong magreport tungkol sa mga ipinangako ko, naisip ko, "Nakakapagtaka naman ito." Bakit naman pagmamalasakitan ng mga kagrupo ko ang ginawa ko? Pero nalaman ko na may malasakit sila. At iyan ay nakatulong sa akin.*

***GROUP MEMBER 2:*** *Naisip ko na ayaw kong biguin ang grupo ko. Kaya nagsikap ako na tuparin ang mga ipinangako ko. Hindi ako sigurado na magkakaroon ako ng progreso sa iba pang paraan. Ang pagrereport tuwing miting ay talagang nakatulong sa aking mga priyoridad.*

***GROUP MEMBER 3:*** *Kapag naiisip ko ang ginagawa ko para maging self-reliant, natatakot ako dahil napakalaking bagay nito. Pero nakatulong sa akin ang mga pagmimiting ng grupo para magawa ko ito nang paunti-unti. At inireport ko ang ginawa ko sa aking grupo. At talagang nagkaroon ako ng progreso. Sa palagay ko ang tagumpay na ito ay dahil may nabago sa mga gawi o habit ko.*

**Bumalik sa pahina 17**

| ANG AKING WORK PLAN: ANONG TRABAHO ANG MAKAKATULONG SA AKIN PARA MAGING SELF-RELIANT? | | | |
|---|---|---|---|
| Maglista ng tatlong klase ng trabaho na pag-iisipan mo. | | | |
| **SINO ANG MAY ALAM TUNGKOL SA GANITONG KLASE NG TRABAHO?** | | | |
| Maglista ng 3–5 tao na kakausapin mo tungkol sa bawat trabaho. | | | |
| **ANO ANG MGA ITATANONG KO SA MGA TAONG ITO?** | | | |
| Magkanong kita ang maaari kong asahan kada buwan kapag nagsimula na akong magtrabaho? Magkanong kita ang maaari kong asahan pagkaraan ng isang taong pagtatrabaho? | | | |
| Paano ako maghahanda para sa bawat klase ng trabahong ito? | | | |
| May mga paaralan sa lugar? | | | |
| Dumarami ba ang kailangan para sa ganitong klase ng trabaho? | | | |
| Magkano ang kailangan para makapagsimula? | | | |
| Iba pang mga tanong? | | | |
| **ALING TRABAHO ANG MAKAPAGBIBIGAY NG MALAKING KITA AT ANGKOP SA AKING MGA KAKAYAHAN AT MGA KASANAYAN?** | | | |
| Ano ang natutuhan ko sa mga opsyong ito? Alin ang pinakaangkop sa akin? | | | |



# 2

# *Anong edukasyon ang makakatulong sa akin na maging kwalipikado sa aking trabaho?*

## Education for Better Work

# PARA SA MGA FACILITATOR

**Sa araw ng miting:**

- I-text o tawagan ang lahat ng group member. Anyayahan sila na dumating nang mas maaga ng 10 minuto para makapagreport tungkol sa kanilang mga pangako.
- Ihanda ang mga materyal na gagamitin sa miting. Walang mga aklat o video? Makukuha mo ang mga ito sa srs.lds.org.
- Kung hindi mo nabigyan ang bawat group member ng kopya ng Self-Reliance Services Preferred Lists noong nakaraang linggo, bigyan sila ng kopya ngayon. Kunin ang mga listahan mula sa iyong stake self-reliance center, sa self-reliance specialist, o online sa srs.lds.org/pef.

**30 minuto bago magmiting:**

- Iayos ang mga upuan paikot sa isang mesa para magkakalapit ang lahat.
- BAGO! Isulat ang commitment chart na ito sa pisara na may mga pangalan ng mga tao sa iyong grupo (tingnan ang halimbawa sa ibaba).

| Pangalan ng group member | Nakipag-usap sa kahit limang katao lang tungkol sa aking trabaho (Isulat ang #) | Naghanda ng work plan presentation (Oo/Hindi) | Ginawa ang alituntunin sa Foundation at itinuro ito sa pamilya (Oo/ Hindi) | Nagdagdag sa impok na pera (Oo/Hindi) | Nagreport sa action partner (Oo/Hindi) |
|---|---|---|---|---|---|
| Gloria | 8 | Oo | Oo | Oo | Oo |
| | | | | | |
| | | | | | |

**10 minuto bago magmiting:**

- Masayang batiin ang mga tao sa pagdating nila.
- BAGO! Kapag dumating na ang mga group member, ipakumpleto sa kanila ang commitment chart sa pisara.
- Mag-assign ng timekeeper.

**Sa pagsisimula:**

- BAGO! Ipamigay ang mga kopya ng group member contact information (mula sa huling miting).
- Ipa-turn off sa mga tao ang kanilang mga phone at iba pang devices.
- Magsimula sa panalangin (at himno, kung gusto).
- Tahimik na ipa-turn off sa mga huling dumating ang kanilang phone at kumpletuhin ang commitment chart habang patuloy na nagtatalakayan ang grupo.
- I-set ang timer nang 20 minuto para sa *My Foundation.*
- Gawin ang alituntunin 2 sa *My Foundation*. Pagkatapos ay balikan ang workbook na ito at ituloy ang pagbabasa sa kasunod na pahina.

# MAGREPORT

## TINUPAD KO BA ANG MGA PANGAKO KO?

**Oras**: I-set ang timer nang 10 minuto para sa pahinang ito lamang (hindi sa buong section na Magreport).

**Talakayin**: Basahin ang quotation sa kanan. Paano ito naaangkop sa ating grupo?

**Praktis**: Ireport natin ang ating mga ipinangako. Mangyaring tumayo ang mga tumupad sa lahat ng kanilang pangako. (Palakpakan ang mga tumupad sa lahat ng kanilang mga pangako.)

**Basahin**: Ngayon, magsitayo ang lahat. Dapat nating sikaping tuparin ang lahat ng ating pangako. Isa iyan sa mga pag-uugaling dapat taglayin ng mga taong self-reliant.


Habang tayo ay nakatayo, ulitin natin nang sabay-sabay ang ating theme statements. Ang pahayag na ito ay nagpapaalala sa atin tungkol sa layunin ng ating grupo:

> **"At layunin ko ito na maglaan para sa aking mga banal, sapagkat lahat ng bagay ay akin."**
>
> *Doktrina at mga Tipan 104:15*
>
> **Taglay ang pananampalataya sa Panginoon, nagtutulungan tayo na maging self-reliant.**

**Basahin**: Magsiupo tayo.

Ngayon mag-uusap-usap tayo at tutulungan ang isa't isa sa ating mga plano para sa edukasyon at mas magandang trabaho. Ito ang pinakamahalagang talakayan sa miting na ito!

**Talakayin**: Ano ang natutuhan mo nang tuparin mo ang iyong mga ipinangako sa linggong ito? Kailangan mo ba ng tulong mula sa grupo?



*"Kapag sinukat ang paggawa, humuhusay ang paggawa. Kapag sinukat at iniulat ang paggawa, mas lalo pang humuhusay ang paggawa."*

**THOMAS S. MONSON, sa Conference Report, Okt. 1970, 107**

## ANO ANG NATUTUHAN KO SA PAGHAHANDA NG AKING WORK PLAN?

**Oras**: I-set ang timer nang 40 minutes para sa pahinang ito lamang.

**Basahin**: Panoorin natin ang video na ito para maalala natin kung paano mag-present.

**Panoorin**: "Ang Aking Work Plan sa Loob ng Tatlong Minuto." (Walang video? Basahin sa pahina 22.)

**Praktis**: Kailangang i-present ngayon ng bawat group member ang kanyang work plan sa grupo nang wala pang tatlong minuto.

Pagkatapos mong mag-present, humingi ng feedback. Isulat ang feedback na natanggap mo. Gamitin ang espasyo sa ibaba para sa mga tala.

Dapat napakaikli lamang ng feedback para magkaroon ang lahat ng pagkakataon na magreport sa itinakdang oras.

| ANG AKING WORK PLAN: ANONG TRABAHO ANG MAKAKATULONG SA AKIN PARA MAGING SELF-RELIANT? | | | |
|---|---|---|---|
"Magbabayad [sila] ng loan, at kapag ginawa nila ito, makadarama sila ng kalayaan at kagalakan dahil napagbuti nila ang kanilang buhay. . . . Maitataas nila ang kanilang mga ulo sa pagkakaroon ng kakayahang makaasa sa sarili" ("The Perpetual Education Fund," *Ensign,* May 2001, 53).

**Talakayin:** Alin sa mga pangako sa itaas ang mahalaga sa iyo? Paano maiiba ang buhay mo at ng iyong pamilya kung matupad ang mga pangakong ito?

## SINO ANG MAAARING MAG-LOAN SA PEF?

**Basahin:** Dati, ang PEF loan ay para lamang sa mga returned missionary na edad 18 hanggang 30. Ngayon ang mga ito ay maaari na sa lahat ng kwalipikadong miyembro ng Simbahan na edad 18 pataas. Alamin natin ang mga requirement o kailangan dito. (Ang mga eksepsyon sa mga requirement na ito ay maaaring aprubahan ng mga priesthood leader para matugunan ang mga di-karaniwang pangangailangan.)

**Praktis:** Iharap ang inyong mga upuan sa iba pang miyembro ng grupo. Sabay-sabay na basahin ang mga requirement sa kaliwa sa kahon sa ibaba. Pagkatapos ay gumuhit ng linya sa mga salita sa kaliwa na angkop sa patlang. Isang halimbawa ang makikita.

### ANG MGA PARTICIPANT SA PEF LOAN PROGRAM AY KAILANGANG:

| | |
|---|---|
| Aktibong mga miyembro ng Simbahan na may ____________________. | institute |
| Inindorso ng kanilang mga priesthood leader bilang ________________ karapat-dapat, nangangailangan ng tulong-pinansyal, at masigasig sa pagtamo ng kanilang mga mithiin. | 18 pataas |
| Edad ____________________________________________________. | tungkulin |
| Nag-aaral sa isang program at school na __________________________. | Education for Better Work (Edukasyon para sa Mas Magandang Trabaho) |
| Naghanda sa pamamagitan ng pakikibahagi sa isang ________ group at kinukumpleto ang PEF loan plan. | templo |
| Naninirahan, nagtatrabaho, at nag-aaral sa mga lugar kung saan _____. | nasa Preferred Schools and Programs List |
| Nangangako ng katapatan at pagiging self-reliant sa pamamagitan ng ____________________________________________________. | mentor |
| Katuwang ang isang __________, na tumutulong sa mga participant na magtagumpay sa pag-aaral, trabaho, at pagbabayad ng loan. | aprubado ang PEF loans |
| Dumadalo sa ____________________________, kung young single adult. | kumpletong pagbabayad ng loan |

Magpunta lamang sa pahina 69 para matulungan na maunawaan ang mga requirement.

## PAANO NAKAKATULONG ANG PEF LOAN?

**Paalala sa facilitator:** Ipamigay ang local PEF pamphlet na naglalaman ng espisipikong PEF program guidelines para sa inyong area.

**Talakayin:** Kaagad na basahin ang local PEF pamphlet, na kinapapalooban ng PEF program guidelines para sa inyong area. Ano ang natutuhan mo?

**Basahin:** Kapag pinagbuti natin ang ginagawa natin, makakatanggap tayo ng bawas sa pagbabayad sa loan natin. Ang kabuuang halaga ng loan na babayaran ay mababawasan kapag tayo ay (1) nakakuha ng mataas na grado, (2) naka-graduate, (3) nakamit ang mithiin natin sa trabaho, at (4) nagbabayad sa takdang oras. Kung gagawin natin ang mga bagay na ito, magkakaroon tayo ng credit para sa mahusay na nagawa natin, at babawasan ang babayaran natin.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa PEF loans, tingnan sa pahina 70. Basahing muli nang mabuti ang impormasyong ito sa bahay. Maaari ka ring magtanong sa self-reliance center.

**Talakayin:** May mga tanong ka ba na maaaring masagot ng grupo?

## PAANO AKO MAG-A-APPLY?

**Basahin:** Ang sumusunod ay mga hakbang sa pag-apply para sa PEF loan. Kasama ang partner, pag-aralan ang impormasyong kakailanganin mo para sa bawat hakbang. Ilipat sa pahina na nakalista para sa bawat hakbang at magsalitan sa pagbabasa (pero huwag punan ng impormasyon ang iba pang mga pahina). Pagkatapos ay balikan ang pahinang ito at lagyan ng tsek ang kahon para sa hakbang na iyan.

☐ 1. Pumili ng trabaho, program, at paaralan mula sa SRS Preferred Lists (tingnan sa mga pahina 11, 14, 33, 34).

☐ 2. Kumpletuhin ang education finance plan (tingnan sa pahina 50).

☐ 3. Pumili ng PEF loan mentor (tingnan sa mga pahina 71–72).

☐ 4. Kumpletuhin ang PEF loan plan worksheet (tingnan sa mga pahina 73–74).

☐ 5. Tumanggap ng endorsement ng priesthood leader (tingnan sa mga pahina 75–76).

☐ 6. Kumpletuhin ang online PEF loan application sa srs.lds.org/pef (tingnan sa pahina 77).

**Talakayin:** Nakuha mo na ba ang lahat ng impormasyong kailangan mo para makumpleto ang mga hakbang? Kung hindi pa, paano mo ito makukuha?

## ANO ANG MANGYAYARI PAGKATAPOS KONG MAG-APPLY?

**Basahin**: Matapos nating makumpleto ang application, heto ang mangyayari.

1. Isusumite mo ang application
2. Rerepasuhin ng PEF staff at ng mga lider ang application
3. Kung naapruba-han ang applica-tion, tatanggapin mo ang loan agreement sa PEF website
4. Iinterbyuhin ka ng PEF specialist sa telepono at iinterbyuhin ang iyong mentor sa telepono
5. Magrerehistro ka sa paaralan at magre-request na bayaran ang paaralan

**Talakayin**: May mga tanong pa ba kayo? Kung hindi mo alam ang mga sagot, puntahan ang pinakamalapit na self-reliance center. Pagkatapos ng miting, kung may access sa Internet ang inyong facilitator, maaari niyang buksan ang PEF loan application website at ipakita sa iyo kung paano gamitin ito.

## PAANO AKO MAGBABAYAD?

**Basahin**: Ang PEF loan ay hindi isang regalo at inaasahang babayaran natin ito. Mangangako tayo na babayaran ito. Gagawin natin ang pangakong ito kapag tayo ay ininterbyu para mabigyan ng PEF loan endorsement ng ating priesthood leader at kapag nakumpleto na natin ang application online.

Ang pagbabayad natin ng PEF loan ay maglalaan ng pera upang maka-loan ang iba pa sa PEF sa darating na panahon, pati na ang mga miyembro ng ating stake o district. Kung hindi tayo magbabayad, mangungunti ang pera para sa PEF loans sa darating na mga panahon.

Basahin ang quotation sa kanan.

**Talakayin**: Bakit mahalagang bayaran ang na-loan sa PEF? Isipin ang mga kadahilanang ito:

- Matupad ang mga ipinangako at mapag-ibayo ang kakayahang tumupad ng mga tipan.
- Mabigyan ang iba ng gayon ding pagkakataon na tumanggap ng loan.
- Matanggap ang ipinangakong mga pagpapala para sa iyong sarili at sa iyong pamilya.
- Mapalakas ang iyong pananampalataya kay Jesucristo at maging self-reliant.

**Basahin**: Para makatiyak na alam natin kung paano ang pagbabayad ng loan, dapat nating gawin ang unang pagbabayad ng loan *bago* makatanggap ng pera ang paaralan natin.

**Paalala sa facilitator:** Ipamigay ang mga instruksiyon sa pagbabayad para sa inyong bansa.

*"Magbabayad ang mga tumanggap ng loan, at kapag ginawa nila ito, makadarama sila ng kalayaan at kagalakan dahil napagbuti nila ang kanilang buhay hindi dahil sa bigay o regalo, kundi dahil sa panghihiram at pagbabayad nito. Maitataas nila ang kanilang mga ulo sa pagkakaraoon ng kakayahang makaasa sa sarili. Malaki ang posibilidad na sila ay manatiling tapat at aktibo sa buong buhay nila."*

**GORDON B. HINCKLEY, "The Perpetual Education Fund," *Ensign,* Mayo 2001, 53**

Magkakasamang repasuhin ang mga instruksiyon sa pagbabayad para sa inyong bansa.

## ANO ANG KAILANGANG GAWIN PARA MAGTAGUMPAY GAMIT ANG PEF LOAN?

**Panoorin**: "Mayroon Akong Dalawang Kamay para Magtrabaho" (Walang video? Basahin sa pahina 78.)

**Talakayin**: Pumili ng isang salita na naglalarawan ng iyong nadama sa video na ito. Ibahagi ang salita.

Sa nalaman mo ngayon, pipiliin mo bang mag-loan sa PEF? Ano ang magagawa mo sa linggong ito para makapagpasiya nang mabuti tungkol sa opsyon na ito?

**Basahin**: Kapag nagkakaroon tayo ng progreso, hindi tayo nag-iisa. Tandaan natin: "Lahat ng mga bagay ay aking magagawa [sa pamamagitan ni Cristo na] nagpapalakas sa akin" (Mga Taga Filipos 4:13).

# PAG-ISIPANG MABUTI

## ANO ANG DAPAT KONG GAWIN PARA MAS UMUNLAD?

**Oras**: I-set ang timer nang 10 minuto para sa section na Pag-isipang Mabuti.

**Praktis**: Basahin ang banal na kasulatan sa kanan o mag-isip ng iba pang banal na kasulatan. Tahimik na pag-isipang mabuti ang iyong natutuhan. Isulat sa ibaba ang anumang impresyong nadama mo.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**Talakayin**: May gusto bang magbahagi ng kanyang mga ideya?

*"Makinig sa mga salita ng Panginoon, at humingi sa Ama sa pangalan ni Jesus ng anumang bagay na inyong kailangan. Huwag mag-alinlangan, kundi maging mapagpaniwala."*

**MORMON 9:27**

# MANGAKONG GAWIN

## PAANO AKO MAGKAKAROON NG PROGRESO ARAW-ARAW?

**Oras**: I-set ang timer nang 10 minuto para sa section na Mangakong Gawin.

**Praktis**: Pumili ng action partner. Pagpasiyahan kung kailan at paano kayo magkakausap.

______________________________ ______________________________

*Pangalan ng action partner* *Contact Information*

**Basahin nang malakas ang bawat pangako sa iyong action partner. Mangakong tutuparin mo ang iyong mga ipinangako! Lumagda sa ibaba.**

### ANG AKING MGA PANGAKO

**Ipapaliwanag ko sa aking pamilya ang plano ko sa trabaho, edukasyon, at pananalapi.**

**Kasama ang aking pamilya, magpapasiya ako kung kailangan ko o hindi ng PEF loan.**

**Maghahanap ako ng loan mentor, kakausapin ang aking priesthood leader, at sisimulan ang application process.**

Gagawin ko ang alituntunin sa *My Foundation* na pinag-aralan ngayon at ituturo ito sa aking pamilya.

Magdadagdag ako sa aking impok—kahit kaunti lang.

Magrereport ako sa aking action partner.

______________________________ ______________________________

*Ang aking lagda* *Lagda ng action partner*

## PAANO KO IREREPORT ANG AKING PROGRESO?

**Praktis**: Bago ang susunod na miting, gamitin ang commitment chart na ito para irekord ang iyong progreso. Sa mga kahon sa ibaba, isulat ang "Oo," "Hindi," o ang bilang kung ilang beses mong tinupad ang iyong pangako.

| *Ipinaliwanag sa aking pamilya ang plano ko sa trabaho, edukasyon, at pananalapi (Oo/Hindi)* | *Nagpasiya kung kailangan kong mag-loan sa PEF (Oo/Hindi)* | *Kung kailangan kong mag-loan sa PEF, sinimulan ko na ang application process (Oo/Hindi)* | *Ginawa ang alituntunin sa Foundation at itinuro ito sa pamilya (Oo/Hindi)* | *Nagdagdag sa impok na pera (Oo/Hindi)* | *Nagreport sa action partner (Oo/Hindi)* |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |

**Basahin**: Alalahanin din na irekord ang iyong mga gastusin sa likod ng iyong booklet na *My Path to Self-Reliance*.

Pumili ng facilitator para sa paksa sa *My Foundation* sa susunod na miting. (Hindi alam kung paano mag-facilitate ng paksa sa *My Foundation*? Basahin sa pahina 17 at sa inside front cover.)

Hilingan ang isang tao na magbigay ng pangwakas na panalangin.

***Tumatanggap ng Feedback***

*Ipadala lamang ang iyong mga ideya, feedback, mga mungkahi, at mga karanasan sa srsfeedback@ldschurch.org.*

# Mga Resources

## ANO ANG PEF LOAN?

Pumili ng mga role at isadula ang sumusunod.

***BRAZILIAN BROTHER:*** *Nang makauwi ako mula sa aking mission, gusto ko talagang makapag-aral. Nagsikap ako nang husto, taun-taon, pero hindi pa rin ako makapag-aral. Iniisip ko palagi na bababa ang bayad sa mga kurso, pero hindi ito kailanman nangyari. Pamahal ito nang pamahal, pahirap nang pahirap na makapag-aral.*

***HAITIAN SISTER:*** *Kung hindi ka nakatapos sa pag-aaral, mahirap makakuha ng trabaho sa Haiti. Hindi ka mabubuhay nang walang edukasyon.*

***ARGENTINE BROTHER:*** *Ang mga pangarap ko ay kapareho rin ng sinumang kabataan sa Simbahan—magkapamilya at maglingkod sa Simbahan. At para magawa ito nang mabuti, kailangan ko ng magandang trabaho.*

***PRESIDENT HINCKLEY:*** *Sa pagsisikap na masolusyunan ang kalagayang ito, gumawa kami ng isang plano—isang plano na pinaniniwalaan naming binigyang-inspirasyon ng Panginoon. . . . Tatawagin natin itong Perpetual Education Fund.*

***VANDERLEI:*** *Nang makauwi ako mula sa aking mission, hindi ko kayang tustusan ang pag-aaral ko sa kolehiyo. Pagkatapos ay biglang may nangyari! Dumating ang Perpetual Education Fund, at napakasaya ko! Nagpunta ako sa paaralan, nag-enrol, at nagbayad para sa kurso. Ibinigay ko ang lahat ng makakaya ko at nagtagumpay ako. Ako ang pinakamahusay na estudyante sa klase! Bago ako nag-aral sa kurso ko, trabahador ako. Inuutusan ako ng ibang tao. Nang matapos ko ang kurso ko, natanggap ako para pangasiwaan ang isang grupo na may 450 katao, at ngayon mas mataas na ang aking suweldo. Hindi na kailangan pang magtrabaho ng asawa ko. Siya ang nag-aalaga ng aming mga anak, na pinakamahalagang bagay para sa amin. At nakakapaglingkod ako sa Simbahan nang may pagmamahal. Nakakapaglingkod ako nang may katapatan. Talagang nabago nito ang aking buhay at ang buhay ng aking pamilya.*

***NADINE:*** *Dapat gawin ko ang lahat para mabayaran ang loan ko, dahil alam ko na makakatulong ito sa iba na makapag-aral. Dapat maging tapat ka kung bahagi ka ng programang ito.*

***CARLOS:*** *Nabanggit sa patriarchal blessing ko na makakapag-aral ako, at natupad ito. Para sa atin ang Perpetual Education Fund ay hindi lamang isang bagay na temporal. Ito ay isang propesiya. Ito ay sagrado.*

***KEVIN:*** *Parang nakatingin sa akin ang propeta, na nakita niya ang sitwasyon ko. At parang sinabi niya, "Kailangang tulungan kita."*

***PRESIDENT HINCKLEY:*** *Ang landas na tatahakin natin ay malinaw, ang pangangailangan ay napakalaki, at itinuro ng Panginoon ang paraan. Ito ay magiging pagpapala sa lahat ng buhay na maitataguyod nito—sa mga kabataang lalaki at babae, sa kanilang magiging pamilya, sa Simbahan. Ipinagdarasal namin nang may pagpapakumbaba at may pasasalamat na pauunlarin ng Diyos ang gawaing ito.*

**Bumalik sa pahina 60**

## ANO ANG MGA KAILANGAN PARA MAKAPAG-LOAN SA PEF?

- Makibahagi sa grupong Education for Better Work (Edukasyon para sa Mas Magandang Trabaho); kumpletuhin ang PEF loan plan worksheet.
- Pumili ng trabaho, paaralan, at program mula sa SRS Preferred Lists; ang mga eksepsyon ay maaaring i-request.
- Pumili ng loan mentor para makatulong sa pag-aaral, trabaho, at mga pangako tungkol sa loan.
- Pumapasok sa institute (para sa young single adult).
- Dapat edad 18 pataas.
- Maging karapat-dapat sa templo at naglilingkod sa tungkulin.
- Humingi ng endorsement mula sa priesthood leader.

**Bumalik sa pahina 61**

## PAANO GINAGAMIT ANG PEF LOAN? PAANO GAGAWIN ANG PAGBABAYAD?

Ang mga PEF loan ay maaaring gamitin sa pagbabayad ng:

- Edukasyon at training na hahantong sa isang magandang trabaho o negosyo sa inyong lugar.
- Tuition, mga aklat, at ilang suplay (ang tuition ay ibinabayad sa paaralan).

Narito ang mga tuntunin o guidelines sa pagbabayad ng loan:

- Mayroong partikular na halaga at mga instruksiyon sa pagbabayad para sa bawat bansa.
- Ang pagbabayad ay kombinasyon ng performance incentive at cash.
    - **Ang mga performance incentive** ay babawasan ang loan balance gaya ng mga sumusunod:
        - 5% bawas sa taunang loan disbursement para sa matataas na grado bawat taon (tingnan ang PEF pamphlet para sa depinisyon ng matataas na grado)
        - 10% bawas para sa pagkumpleto ng educational program (naka-graduate)
        - 10% bawas para sa mga mithiing natupad (trabaho at level ng kita)
        - Matching incentive na 25% para sa lahat ng pagbabayad ng loan na nasa takdang oras
        - Karagdagang 10% na bawas sa natitirang halaga kung ang loan ay babayaran nang mas maaga
    - **Buwanang pagbabayad ng loan habang nag-aaral**
        - Naibigay ang unang bayad na hinihingi bago mag-umpisa ang klase
        - Maliit na buwanang bayad habang nag-aaral para sa mura at mas maiikling kurso
        - Mas malaking buwanang bayad habang nag-aaral para sa mas mahal at mas mahahabang kurso
    - **Buwanang pagbabayad ng loan pagkatapos ng anim na buwan matapos makumpleto ang pag-aaral o tumigil sa pag-aaral**
        - Ang pagbabayad ay base sa halaga ng loan at haba ng kurso
        - May kasamang maliit na halaga na interes
        - Maaaring bayaran nang buo sa loob ng tatlo o apat na taon na ibabawas ang mga performance incentive

Bumalik sa pahina 62

## ANG PEF LOAN MENTOR

### Sino ang PEF Loan mentor?

Ang PEF loan mentor ay isang adult na tumutulong sa iyo na magtagumpay sa pag-aaral, trabaho, at pagbabayad ng loan. **Ang PEF loan mentor ay hindi loan co-signer o guarantor at walang obligasyong pinansyal sa PEF loan.**

### Paano ako pipili ng aking PEF Loan mentor?

Pakiusapan ang isang responsableng adult na maging PEF Loan mentor mo. Maaari mong piliin ang isang tao na nalalaman ang iyong mga plano, kabilang na ang mga kinausap mo tungkol sa mga trabaho o paaralan. Maaaring siya ay isang miyembro o hindi miyembro ng Simbahan.

Para ma-access ang PEF loan mentor page sa PEF website, kailangan ng PEF loan mentor ang isang LDS account. Kakailanganin mo ang sumusunod na impormasyon mula sa iyong mentor para makumpleto ang iyong online PEF loan application:

1. LDS Account username (opsyonal)

   ______________________________

   *(Ang LDS Account ay maaaring gamitin ng lahat.)*

2. Telepono (una) ______________________________

3. Telepono (pangalawa) ______________________________

4. Email ______________________________

Ang iyong PEF loan mentor ay kokontakin ng PEF representative para tanggapin ang mga responsibilidad ng isang mentor.

ipagpatuloy sa kasunod na pahina

## Ano ang kailangang malaman at gawin ng aking PEF loan mentor?

Ang iyong mentor ay:

- Kailangang malaman na wala siyang pinansyal na responsibilidad para sa iyong PEF loan.
- Palalakasin ang loob mo at papayuhan ka sa mararanasan mong hirap sa pag-aaral, trabaho, pagbabayad at tutulungan kang matupad ang pangako mong bayaran ang PEF loan.
- Kailangang tanggapin ang mga tawag sa telepono o electronic messages mula sa mga PEF representative at priesthood leader para pag-usapan ang iyong progreso.
- Dapat panatilihing kumpidensyal ang impormasyon tungkol sa iyong loan.
- Sumang-ayon at pumayag na maaaring ma-access, makolekta, at maproseso ng PEF ang impormasyon mula sa mga membership record ng Simbahan para sa mga layuning may kaugnayan sa kanyang tungkulin bilang PEF loan mentor.

**Bumalik sa pahina 62**

## ANG PEF LOAN PLAN

**Kumpletuhin ang plan na ito sa bahay, hindi sa oras ng miting.** Gamitin ang impormasyon mula sa iyong Education for Better Work workbook. Ipakita ang plan na ito sa iyong priesthood leader kapag ininterbyu ka para sa PEF loan endorsement.

**Ang Aking Mentor (mula sa Linggo 4, pahina 71)**

Pangalan: ____________________________________________

LDS Account username (opsyonal): ________________________

Telepono (una): _______________________________________

Telepono (pangalawa): __________________________________

Email: _________________________________________________

**Ang Aking Work Plan (mula sa Linggo 1, pahina 14)**

Perpetual Education Fund

| ANG AKING WORK PLAN: ANONG TRABAHO ANG MAKAKATULONG SA AKIN PARA MAGING SELF-RELIANT? | |
|---|---|
| **Kasalukuyang Trabaho** | |
| Kabuuang oras ng iyong trabaho kada linggo (lahat ng trabaho): | |
| (Mga) trabaho: | |
| Kita kada buwan: | |
| **Magiging Trabaho (dapat nasa SRS Preferred Jobs List o kailangang mag-request ng eksepsyon)** | |
| Magiging trabaho: | |
| Tinatayang kita kada buwan (pagkatapos ng pag-aaral): | |

**Ang Aking Education Plan (mula sa Linggo 2, pahina 34)**

| ANG AKING EDUCATION PLAN: ANONG EDUKASYON O TRAINING ANG MAKAKATULONG SA AKIN NA MAGING KWALIPIKADO SA AKING TRABAHO? | |
|---|---|
| Piniling paaralan (mula sa SRS Preferred Schools and Programs List): | |
| Major o program (mula sa SRS Preferred Schools and Programs List): | |
| Preferred job (mula sa SRS Preferred Jobs List): | |
| Sa loan request na ito, kailan ka magsisimulang mag-aral? | |
| Nakaplanong buwan at taon ng graduation: | |

ipagpatuloy sa kasunod na pahina

## PEF LOAN PLAN (KARUGTONG)

**Ang Aking Kita at mga Gastusin (mula sa Linggo 3, pahina 47)**

| SUMAHIN ANG BUWANANG KITA *(isama ang kita ng asawa, kung may asawa)* | |
|---|---|
| Kita mula sa trabaho | |
| Mga kontribusyon ng pamilya para sa mga bayarin sa pag-aaral | |
| Iba pang kita | |
| Iba pang kita (buwanan) | |
| **"A" Kabuuang Buwanang Kita** | |

| SUMAHIN ANG BUWANANG GASTUSIN | |
|---|---|
| Ikapu, mga handog | |
| Impok na pera | |
| Pagkain | |
| Tirahan | |
| Tubig | |
| Mga gastusing medikal | |
| Transportasyon | |
| Mga gastusin sa pag-aaral | |
| Pambayad sa mga utang | |
| Pananamit | |
| Kuryente | |
| Telepono | |
| Iba Pa | |
| **"B" Kabuuang Gastos Kada Buwan** | |

Ngayon, kwentahin kung magkano ang mababayaran mo para sa iyong pag-aaral kada buwan:
**"A" Kabuuang Buwanang Kita** – **"B" Kabuuang Buwanang Gastusin** = **"C"** __________ x 12 (buwan) = **"D"** __________.

**Ang Aking mga Bayarin sa Pag-aaral (mula sa Linggo 3, pahina 48)**

| ANG AKING EDUCATION FINANCE PLAN *(para sa isang taon)* | Piniling Paaralan |
|---|---|
| Tuition (isang taon) | |
| **Idagdag** Ang mga exams at iba pang bayarin (entrance fee, license, certification, final exam, at iba pang bayarin—isang taon) | + |
| **Idagdag** Ang mga aklat at suplay (isang taon | + |
| **Ibawas** Ang scholarships o grants (kung mayroon—isang taon) | - |
| **"E" Ang Aking mga Bayarin sa Pag-aaral (isang taon)** | = |
| **"D" Ang mababayaran natin (isang taon)** | - |
| **"F" Natirang babayaran (isang taon)** | = |

**Endorsement ng Facilitator**

Si ______________________________ (pangalan) ay nakumpleto ang apat na lesson sa *Education for Better Work* at handa nang mag-apply para sa PEF loan.

______________________ ______________________ __________

*Pangalan ng facilitator* *Lagda ng facilitator* *Petsa*

## ENDORSEMENT NG PRIESTHOOD LEADER

Ang form na ito ay makukuha sa inyong stake self-reliance center o online sa srs.lds.org/pef. Dalhin ang iyong PEF loan plan (mga pahina 73–74) sa iyong priesthood leader endorsement interview.

THE CHURCH OF JESUS CHRIST OF LATTER-DAY SAINTS | Perpetual Education Fund

**Priesthood Leader Interview and Endorsement**

***PEF Applicant*** *(print name):* ______________________________

**Dear Bishopric or Branch Presidency,**
This member is seeking better education and work. Please discuss with the member the followi[illegible]ements. Place your initials in each box to indicate your endorsement.

| *Bishopric or Branch Presidency* | *Statements* |
|---|---|
| | I have reviewed this member's Self Reliance Plan and b[illegible] and recommend tha[illegible] receive a PEF loan. |
| | This member of my unit regularly attend[illegible]d oth[illegible]day me[illegible]s temple worthy, and fulfills a calling. |
| | I have reviewed the Self-Relia[illegible]e Princ[illegible] with t[illegible]mber (see [illegible] of this form). The member understands [illegible]ommit[illegible] principles. |
| | This member is committed [illegible]rt, tim[illegible] sacrifice necessary to succeed in school and gain [illegible]er work. |
| | This member [illegible]d Lo[illegible] Me[illegible]r their PEF Loan. His/Her name is: ____________ [illegible]uppo[illegible]s choice of mentor. |
| | [illegible]mber is a pe[illegible]f inte[illegible]d acknowledges that s/he is making a financial [illegible]mmitmen[illegible]pay the Perpetual Education Loan in full. |
| | [illegible]memb[illegible]tands that I may review their loan repayment status with the ward o[illegible]mmittee or the loan mentor. |
| | If a[illegible]g Single Adult, this member has satisfactorily fulfilled the Institute attendance requ[illegible]ent and has presented verification from the Institute. |
| | [illegible]will review on a monthly basis this member's loan repayment status and offer encouragement and counsel as needed. |

SAMPLE

As leader and applicant, we have discussed these statements and certify that they are true.

| | *Name* | *Signature* | *Date* |
|---|---|---|---|
| **Applicant** | ____________ | ____________ | ________ |
| **Bishopric or Branch Presidency** | ____________ | ____________ | ________ |

ipagpatuloy sa kasunod na pahina

**Mahahalagang Doktrina sa Self-Reliance para sa mga Priesthood Leader at Applicants**

| | |
|---|---|
| **Pananampalataya kay Jesucristo**<br>D at T 104:15; Eter 12:27 | Magtiwala na ang layunin ng Diyos ay maglaan para sa temporal na mga pangangailangan ng Kanyang mga Banal at nasa Kanya ang lahat ng kapangyarihan na magawa ito. |
| **Pagsunod**<br>D at T 130:21; Mateo 7:21 | Ang pagpapalang idudulot ng self-reliance ay nakabatay sa pagsunod sa mga batas at ordenansa kung saan ito nakasalalay. |
| **Dapat Kumilos ang Tao**<br>2 Nephi 2:16, 26 | Ang self-reliance ay pagtulong sa sarili, hindi pagkakaroon ng maipagmamalaki. Kailangang magtrabaho ka. Kailangang kumilos ka at hindi pinakikilos. |
| **Pagkakaisa at Paglilingkod**<br>Moises 7:18; D at T 56:16–17 | Ang maralita at mayaman ay dapat magkaisa. Dapat paglingkuran at mahalin ng lahat ang isa't isa. |

Bumalik sa pahina 62

## PAGKONEKTA SA ONLINE PEF LOAN APPLICATION

Para maka-apply sa PEF loan, dapat mong kumpletuhin ang online loan application sa srs.lds.org/pef using your LDS Account.

Ang mga PEF loan mentor na may LDS Account ay maaaring ma-access ang kanilang PEF loan mentor page sa PEF website.

Kung nakapagmisyon ka kamakailan, mayroon ka nang LDS account. Kung wala, maaari kang magkaroon ng LDS Account sa ldsaccount.lds.org.

### Mga Karaniwang Tanong

**1. Ano ang LDS Account?**

Ang LDS Account ay sign-in system (username at password) para sa halos lahat ng websites ng Simbahan, kabilang ang ldsjobs.org, family history, online missionary applications, at ward o stake websites.

**2. Kailangan bang maging miyembro ako ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw para magamit ang LDS Account?**

Hindi, hindi mo kailangang maging miyembro. Bagama't ang mga miyembro ng Simbahan ay magkakaroon ng access sa karagdagang mga resources na partikular sa kanilang membership (na kailangan para sa PEF loan), sinuman ay libreng magrehistro para sa isang account bilang "kaibigan" (pati na ang hindi miyembro na mga loan mentor).

**3. Anong impormasyon ang kakailanganin ko para magkaroon ng LDS Account?**

Kung ikaw ay miyembro ng Simbahan, kakailanganin mo ang iyong membership record number, petsa ng kapanganakan, at valid na email address. Makikita mo ang iyong membership record number sa iyong temple recommend o magtanong sa inyong ward o branch clerk. Kung ang loan mentor mo ay hindi miyembro ng Simbahan, kailangang ibigay niya ang kanyang pangalan, petsa ng kapanganakan, kasarian, at bansa.

Para maka-access online sa PEF loan application, kailangan natin ng:

1. **Mahalagang impormasyon tungkol sa sarili at pamilya**
2. **May lagdang Priesthood leader endorsement**
3. **Kumpletong "PEF Loan Plan"**
    - Impormasyon tungkol sa Mentor
    - Work plan
    - Education plan
    - Education Finance Plan
    - Endorsement ng Facilitator

Bumalik sa pahina 62

## MAYROON AKONG DALAWANG KAMAY PARA MAGTRABAHO

Magsalitan sa pagbabasa ng kuwentong ito tungkol kay Arturo, isang miyembro ng Simbahan sa Peru.

*Ang pag-alis sa mission field ay hindi madali. Marami akong mga mithiin at pangarap; pero nang makauwi na ako kailangan kong harapin ang katotohanan. Wala akong anumang skills at walang gaanong kita. Hindi madaling maghanap ng trabaho.*

*Sa huli, nagtayo ako ng fruit stand, at gamit ang kita rito tinustusan ko ang pag-aaral ko, tinulungan ang pamilya, at binayaran ang aking ikapu at mga handog.*

*Nagawa ko iyan hanggang noong Setyembre. Habang nagtitinda ako ng prutas, isang wine truck ang sumulpot mula sa likuran ko at binundol ako. Isinalpok ako nito sa pader at pinutol ang kanang binti ko. Naputol ang kanang binti ko at nabulag ang isa kong mata. Napinsala rin ang aking kanang braso at kaliwang binti.*

*Matapos ang lahat ng iyon, narinig ko ang propeta na nagsabing dapat mawala ang kahirapan, at na makakapag-aral ang mga returned missionary na walang financial resources. Ang Perpetual Education Fund ay lilikhain para sa mga kabataang may matataas na pangarap. Totoong nawalan ako ng binti at paningin pero hindi ang hangaring mabuhay o patuloy na mangarap. Nagpasiya akong magsikap para maabot ang aking mga mithiin.*

*Salamat sa Perpetual Education Fund, natapos ko ang aking vocational training sa loob ng tatlong taon, at ginusto kong mag-aral pa. Nag-apply at natanggap ako sa unibersidad.*

*Ako ay self-employed sa kasalukuyan bilang help desk representative. Nagbibigay ako ng customer support at technical computer support para sa ilang kompanya sa umaga hanggang mga 4:00 n.h. Nagkukumpuni rin ako ng mga computer sa bahay. Sa gabi pumapasok ako sa paaralan. Umaalis ako nang alas-5:00 at nagsisimula ang klase ng alas-6:00. Matatapos ang klase nang alas-11:00 n.g. Nakakasakay ako ng taxi ng mga 11:30 at nakakauwi nang mga 12:30 n.g. Kumakain ako nang kaunti, nirerepaso ang ginawa sa paaralan at matutulog. Kinabukasan gumigising ako nang maaga para magtrabaho o maghanap ng trabaho. Nagtatrabaho ako hanggang 2:00 o 3:00 n.h. at pagkatapos ay papasok na sa uniberdidad.*

*Lubos akong nagpapasalamat sa Diyos para sa lahat ng natanggap ko. Nais kong tumanaw ng utang-na-loob sa Kanya kahit sa maliit na bagay lang para sa lahat ng ginawa Niya para sa akin. Hindi ako gaanong nakakapaglingkod at palagi akong tatanaw ng utang-na-loob sa Kanya. Naglilingkod ako bilang volunteer sa call center sa mga opisina ng Perpetual Education Fund ng Simbahan.*

*Dalawa't kalahating taon pa nakikita ko na ang aking sarili na naka-graduate bilang isang systems engineer. Sa susunod na limang taon, magtatrabaho ako sa isang malaking kompanya para maitaguyod ang aking pamilya at ang magiging pamilya at mga anak ko.*

*Ang mithiin ko ay makasal sa templo. Kaya nag-aaral ako, at nagtatrabaho. Kaya nagsisikap ako araw-araw.*

*Alam ko na hindi ito magiging madali, pero nalaman ko na ang Panginoon ay hindi kailanman nagbibigay ng mga kautusan sa atin nang hindi naghahanda ng paraan.*

*Siya ang nagbigay sa akin ng buhay. Ibinigay Niya sa akin ang Perpetual Education Fund. Binigyan Niya ako ng dalawang kamay para makapagtrabaho, ng utak para makapag-isip, ng bibig para makapagsalita, at puso para makadama at abutin ang aking mga pangarap.*

*Alam ko na posible ang lahat ng bagay, gaya ng sinabi ni Pablo: "Sapagka't ang aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan." Tinulungan ako ng Panginoon. Lahat ng mayroon ako—pamilya ko, pag-aaral ko, at maging ang aking buhay—ay utang ko lahat sa Diyos. Lahat ay nagmula sa Kanyang mga kamay at pinasasalamatan ko iyan.*

**Bumalik sa pahina 64**



# 5
# *Paano ako magtatagumpay sa loob ng klase?*

## Education for Better Work

# PARA SA MGA FACILITATOR

**Sa araw ng miting:**

- I-text o tawagan ang lahat ng group member. Anyayahan sila na dumating nang mas maaga ng 10 minuto para makapagreport tungkol sa kanilang mga ipinangako.
- Ihanda ang mga materyal na gagamitin sa miting.

**30 minuto bago magmiting:**

- Iayos ang mga upuan paikot sa isang mesa para magkakalapit ang lahat.
- Isulat ang commitment chart na ito sa pisara.

| Pangalan ng group member | Tinalakay ang mga plano para sa trabaho, pag-aaral, at pananalapi sa pamilya (Oo/Hindi) | Nagpasiya kung kailangan ko ng PEF loan (Oo/Hindi) | Kung kailangan ko ng PEF loan, sinimulan ko na ang application process (Oo/Hindi) | Ginawa ang alituntunin sa Foundation at itinuro ito sa pamilya (Oo/Hindi) | Nagdagdag sa impok na pera (Oo/Hindi) | Nagreport sa action partner (Oo/Hindi) |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Gloria | Oo | Oo | Oo | Oo | Oo | Oo |
| | | | | | | |
| | | | | | | |

**10 minuto bago magmiting:**

- Masayang batiin ang mga tao pagdating nila.
- Kapag dumating ang mga group member, ipakumpleto sa kanila ang commitment chart sa pisara.
- Mag-assign ng timekeeper.

**Sa pagsisimula:**

- Ipa-turn off sa mga tao ang kanilang mga phone at iba pang devices.
- Magsimula sa pambungad na panalangin (at himno, kung gusto).
- Tahimik na sabihin sa mga huling dumating na i-turn off ang kanilang phone at kumpletuhin ang commitment chart habang patuloy na nagtatalakayan ang grupo.
- I-set ang timer nang 20 minuto para sa *My Foundation.*
- Ginawa ang alituntunin 5 sa *My Foundation.* Pagkatapos ay balikan ang workbook na ito at ituloy ang pagbabasa sa kasunod na pahina.

# MAGREPORT

## TINUPAD KO BA ANG MGA PANGAKO KO?

**Oras**: I-set ang timer nang 20 minuto para sa pahinang ito lamang (hindi sa buong section na Magreport).

**Praktis**: Ireport natin ang ating mga ipinangako. Mangyaring tumayo ang mga tumupad sa lahat ng kanilang ipinangako. (Palakpakan.)

**Basahin**: Ngayon, magsitayo ang lahat. Dapat nating sikaping tuparin ang lahat ng ating ipinangako. Isa iyan sa mga pag-uugaling dapat taglayin ng mga taong self-reliant. Ulitin natin nang sabay-sabay ang ating theme statements:

> **"At layunin ko ito na maglaan para sa aking mga banal, sapagkat lahat ng bagay ay akin."**
>
> *Doktrina at mga Tipan 104:15*
>
> **Taglay ang pananampalataya sa Panginoon, nagtutulungan tayo na maging self-reliant.**

**Basahin**: Magsiupo tayo.

**Talakayin**: Ano ang natutuhan mo nang tuparin mo ang iyong mga ipinangako sa linggong ito? Kailangan mo ba ng tulong mula sa grupo?

## ANG AKING PROGRESO

**Oras**: I-set ang timer nang 15 minuto para sa pahinang ito lamang.

**Basahin**: Ireport natin ang ating progreso. Ang video na ito ay makakatulong para makita natin kung paano ito gawin.

**Panoorin**: "Pagrereport ng Aking Progreso" (Walang video? Basahin sa pahina 92.)

**Praktis**: Ipapakita ngayon ng mga group member ang kanilang progreso sa nakaraang ilang linggo. Basahin muna ang mga instruksiyong ito.

1. Pag-isipan sandali ang iyong mga sagot sa mahahalagang tanong sa ibaba. Ang impormasyon ay dapat nasa mga workbook mo na mula sa mga nakaraang linggo.
2. Kapag handa na ang lahat, magsalitan kayo ng action partner mo sa pagsasabi ng inyong mga sagot. Tiyaking humingi ng feedback.

### ANG AKING PROGRESO PATUNGO SA EDUKASYON PARA SA MAS MAGANDANG TRABAHO

Bakit gusto ko na lalo pang maging self-reliant? ______________________________

Magkanong kita ang kailangan ko para maging self-reliant? ____________________
Anong klaseng trabaho sa hinaharap ang pinili ko para magkaroon ng ganyang kita?

______________________________________________________________

Anong training o edukasyon ang kakailanganin ko para maging kwalipikado sa aking magiging trabaho sa hinaharap? ______________________________________

Anong paaralan at program ang pinili ko? Bakit? ______________________________
Alam ko ba ang halaga ng gagastusin ko sa pag-aaral? Paano ko mababayaran ang mga ito? Trabaho? Pamilya? Loan? ______________________________________
Kailangan ko bang mag-loan sa PEF para matulungan ako na mabayaran ang mga iyon?

______________________________________________________________

Kung gayon, nakahanap na ba ako ng mentor at nakausap ang aking priesthood leader?

______________________________________________________________

Kung nagawa ko na ito, nakumpleto ko ba ang loan application process? __________

______________________________________________________________

Narito ang malaki kong inaalala o tanong: ______________________________

May maibibigay ba kayong feedback o payo para sa akin? ____________________

______________________________________________________________

# PAG-ARALAN

## KAPAG NAG-AARAL NA AKO, PAANO AKO MAGTATAGUMPAY?

**Oras:** I-set ang timer nang 45 minuto para section na Pag-aralan.

**Basahin:** Malaki na ang naging progreso natin sa pagpaplano para sa ating pag-aaral. Pero kapag talagang nasa paaralan na tayo, paano tayo magtatagumpay?

| Linggo 1 | Linggo 2 | Linggo 3 | Linggo 4 | LINGGO 5 | Linggo 6 |
|---|---|---|---|---|---|
| Anong klaseng trabaho ang makakatulong sa akin para maging self-reliant? | Anong edukasyon ang makakatulong sa akin na maging kwalipikado sa aking trabaho? | Paano ko tutustusan ang aking pag-aaral? | Dapat ba akong mag-loan sa Perpetual Education Fund? | Paano ako magtatagumpay sa loob ng klase? | Paano ako magtatagumpay sa labas ng klase? |

**Basahin:** Sa linggong ito, hahanapin natin ang sagot sa tanong na ito at gagawin ito:

**Basahin:** **TANONG SA LINGGONG ITO—Paano ako magtatagumpay sa loob ng klase?**

**GAGAWIN SA LINGGONG ITO—Pag-iibayuhin ang aking pagsunod sa mga alituntuning espirituwal at paghuhusayin ang aking mga kasanayan at gawi sa pag-aaral.**

## BAKIT PINAYUHAN TAYO NG PANGINOON NA MATUTO?

**Basahin:** Pinayuhan tayo ng Panginoon at ng Kanyang mga propeta na magtamo ng edukasyon at training, magkaroon ng mga kasanayan o skills para makakuha ng magagandang trabaho, at magpakasipag.

**Panoorin:** "Edukasyon ang Susi sa Oportunidad" (Walang video? Basahin sa pahina 93.)

**Talakayin:** Hatiin ang klase sa mga grupo na may tig-tatatlong katao. Talakayin ang mga tanong na ito sa loob ng ilang minuto. Pagkatapos ay ibuod ang natutuhan ninyo bilang grupo.

1. Bakit gusto ng Panginoon na magtamo tayo ng edukasyon at training? Matutulungan ba Niya tayo na magtagumpay?
2. Paano nakakatulong sa atin ang edukasyon at training para "[magawa] ang tungkulin" na ibinigay sa atin ng Diyos?

## "PAANO AKO MATUTUTO SA PAMAMAGITAN NG PANANAMPALATAYA?

**Basahin:** Basahin ang banal na kasulatan sa kanan.

**Praktis:** Pumili ng isang alituntunin sa table at basahin ito. Tanungin ang iyong sarili: "Paano nito mababago ang paraan ko ng pag-aaral?"

*"Masigasig na maghanap at turuan ang bawat isa ng mga salita ng karunungan; oo, maghanap kayo sa mga pinakamabubuting aklat ng mga salita ng karunungan; maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya."*

**DOKTRINA AT MGA TIPAN 88:118**

| MGA ALITUNTUNIN NG PANANAMPALATAYA |
|---|
| **Manatiling karapat-dapat.** "Kung kayo'y magkusa at mangagmasunurin, kayo'y magsisikain ng buti ng lupain" (Isaias 1:19); "Kapag tayo ay nagtatamo ng anumang mga pagpapala . . . ito ay dahil sa pagsunod sa batas kung saan ito ay nakasalalay" (D at T 130:21). |
| **Hangarin ang Espiritu.** "Ang Mangaaliw . . . ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat na sa inyo'y aking sinabi" (Juan 14:26); "Masigasig na maghanap, manalangin tuwina, at maging mapanampalataya" (D at T 90:24). |
| **Makinig, pag-isipang mabuti, maniwala.** "Makinig sa tinig ni Jesucristo, ang inyong Manunubos" (D at T 29:1); "Gayon ang wika ng marahan at banayad na tinig" (D at T 85:6); "Huwag mamangha . . . huwag mag-alinlangan, kundi maging mapagpaniwala" (Mormon 9:27). |
| **Kumilos; aktibong makibahagi.** "Kung ang sinomang tao ay nagiibig gumawa ng kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo" (Juan 7:17); "Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon" (1 Nephi 3:7); "Ang mga tao ay nararapat na maging sabik sa paggawa . . . at isakatuparan ang maraming kabutihan" (D at T 58:27). |

Bilang grupo, pag-usapan ang natutuhan ninyo. Paano ninyo ipamumuhay ang apat na alituntuning ito sa inyong buhay? Paano ninyo ituturo ang mga ito sa inyong pamilya?

**Basahin:** Maaari tayong matuto sa pamamagitan ng pananampalataya dahil alam natin ang katotohanan! Ang Diyos ay ang ating Ama at tayo ay mga anak Niya. Nais Niyang maging katulad Niya tayo. Matutulungan tayo ng kapangyarihan ng Tagapagligtas. Mapapalawak ng Banal na Espiritu ang ating pang-unawa at matutulungan tayong makaalala. Dahil alam natin ang mga katotohanang ito, maaari tayong manampalataya na magiging napakahusay nating mag-aaral!

## PAANO AKO MATUTUTO SA PAMAMAGITAN NG PAG-AARAL?

**Basahin:** Bukod pa sa matuto sa pamamagitan ng pananampalataya, dapat din tayong matuto sa pamamagitan ng pag-aaral. Ang pag-aaral ay kinapapalooban ng ginagawa natin sa *loob* ng klase at kung paano tayo naghahanda sa *labas* ng klase. Sa buong miting na ito magpopokus tayo sa mga susi sa pagtatagumpay sa loob ng klase. Sa susunod na miting tatalakayin natin ang paghahanda sa labas ng klase.

| | |
|---|---|
| **Maisulat at maalala ang natutuhan ko** | **Aktibong makibahagi, makibahagi sa talakayan sa klase** |
| **Malaman ang mga inaasahan at isagawa ito** | **Matutong mahusay na masagutan ang mga pagsusulit** |

**Matuto sa pamamagitan ng pag-aaral: sa loob ng klase**

## PAANO KO MAITATALA ANG MGA NATUTUHAN KO?

**Basahin:** Nagsusulat tayo para maitala ang nakita at narinig natin sa klase. Nirerepaso natin ang mga tala o notes na ito para maalala ang mga natutuhan natin.

**Praktis:** Pumili ng isang tao na magbabasa ng "Edukasyon sa Tunay na Buhay" sa pahina 94. Ang iba sa grupo ay dapat makinig at tingnan ang mga tala sa ibaba. Naisulat ba sa mga talang ito ang sinabi ni Pangulong Eyring?

**EDUKASYON SA TUNAY NA BUHAY: HENRY B. EYRING**

| | |
|---|---|
| *Nais ng Panginoon na matuto ako; makakatulong ang Kanyang biyaya* | *Ang pagbabalik-loob ay nagdudulot ng hangaring matuto* |
| | *Nais ng Panginoon na tayo ay matuto at maglingkod* |
| | *Ang Kanyang biyaya ay tumutulong sa atin na matuto nang mas mabilis at mas mahusay* |
| *Dahil natuto ako, naglilingkod ako* | *Ang unang priyoridad ay matutuhan ang mga bagay na espirituwal* |
| *Ang totoong buhay ay buhay na walang hanggan!!* | *Alam ng Panginoon ang kailangan nating gawin* |
| | *Ang totoong buhay ay buhay na walang hanggan* |
| | *Ang mga bagay na natututuhan natin ay nananatili sa atin* |
| | *Nais ng Diyos na tayo ay matuto at maglingkod* |
| | *Ipagdasal ang pag-aaral, umasa sa Banal na Espiritu* |

**1. Isulat ang pamagat, pangalan ng nagsalita.**

**2. Habang nagsasalita sila, isulat ang mahahalagang bagay sa malaking espasyong ito; simplihan lamang ito.**

**3. Pagkatapos ng klase, kaagad na ibuod ang iyong mga tala o notes sa espasyong ito.**

**4. Pagpasiyahan ang pinakamahalagang bagay na tatandaan at gagawin.**

**Talakayin**: Ano ang natutuhan mo tungkol sa pagsusulat ng mga tala o notes?

**Praktis**: Ngayon, pumili ng isang tao na magbabasa ng “Pagkatuto at mga Banal sa mga Huling Araw” sa pahina 95. Makinig at magsulat ng mga tala o notes sa espasyo sa ibaba:

1. Sa itaas, isulat ang pamagat, ang nagsalita, at petsa.
2. Habang nakikinig, isulat ang mahahalagang bagay (sa malaking espasyo) sa kanan.
3. Pagkatapos ng pagbabasa, ibuod ito at isulat sa espasyo sa kaliwa sa loob ng dalawang minuto.
4. Sa ibaba, isulat ang mga bagay na gusto mong baguhin o mas husayan pa.

**Talakayin**: Ikumpara ang naitala mo sa iba pang mga kagrupo. Kapaki-pakinabang ba ang mga naitala mo? Paano mo gagawin ito para makagawian mo?

**Basahin**: Tandaan natin ang mga bagay na ito para matulungan tayo na maitala ang natutuhan natin:

- Gumuhit ng mga linya sa ating papel; sundin ang mga hakbang.
- Itala ang pangunahing mga ideya; lagyan ng mga detalye kalaunan.
- Sa inyong isipan, iugnay ang bagong impormasyon sa isang bagay na alam na ninyo.

## PAANO KO MAAALALA ANG MGA NATUTUHAN KO?

**Basahin**: Kung karapat-dapat tayo, tutulungan tayo ng Espiritu Santo na "[maalala ang] lahat" (Juan 14:26). Mapapatalas din ang ating memorya sa pamamagitan ng pagrerepaso sa partikular na mga oras. Pinatunayan ng mga siyentipiko na maaalala natin ang halos *lahat* ng natutuhan natin kung susundin natin ang pattern sa ibaba:

| Bagong impormasyon | makalipas ang 1 oras | makalipas ang 1 araw | makalipas ang 1 linggo | makalipas ang 1 buwan |
|---|---|---|---|---|
| Magbasa o matuto ng isang bagay sa klase at magsulat ng mga tala o notes | Mag-ukol ng 10 minuto para magrepaso ng iyong mga notes | Mag-ukol ng 10 minuto para magrepaso muli ng iyong mga notes; at gawan ito ng buod | Mag-ukol ng 10 minuto para magrepaso muli | Mag-ukol ng 10 minuto para magrepaso muli; hindi mo na ito malilimutan! |

**Talakayin**: Paano mo mababago ang iyong mga gawi sa pag-aaral at iskedyul para maisama ang mga pagrerepasong ito? Gagawin mo ba?

## PAANO AKO AKTIBONG MAKIKILAHOK SA KLASE?

**Talakayin**: Bakit napakahalaga na makilahok sa klase o grupo? Ano ang ipinapakita mo sa iyong guro kapag nakikibahagi ka?

**Praktis**: Alamin kung gaano ka nakikibahagi sa klase sa pagsagot sa sumusunod na mga tanong.

*Markahan ng "x" ang isa sa apat na kahon sa tabi ng bawat pahayag para makita kung ano ang sitwasyon mo sa bawat aspetong ito.*

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Sa aming self-reliance group, nakahanda ako. Sumasagot ako sa mga tanong at madalas makibahagi sa talakayan. | *Hindi kailanman* | *Kung minsan* | *Madalas* | *Palagi* |
| Kapag nasa klase ako, nakahanda ako. Ginagawa ko ang bahagi ko, sumasagot sa mga tanong, at ginagawa ang lahat ng aktibidad. | *Hindi kailanman* | *Kung minsan* | *Madalas* | *Palagi* |
| Sinisikap kong tulungan ang kagrupo o kaklase ko sa pamamagitan ng pakikinig at masigasig na pag-aaral o pakikipagtulungan sa kanila. | *Hindi kailanman* | *Kung minsan* | *Madalas* | *Palagi* |
| Nag-aaral ako araw-araw; ipinaplano ko ang aking oras at sinusunod ang aking plano; ginagawa ko sa takdang oras ang mga assignment ko. | *Hindi kailanman* | *Kung minsan* | *Madalas* | *Palagi* |
| Sinisikap kong tulungan ang aking guro o facilitator sa pamamagitan ng pakikinig at paggawa nang higit pa sa inaasahan niya. | *Hindi kailanman* | *Kung minsan* | *Madalas* | *Palagi* |

**Talakayin**: Paano mo pag-iibayuhin ang iyong aktibong pakikibahagi sa klase araw-araw?

## PAANO KO MAHUSAY NA MASASAGUTAN ANG MGA TEST O PAGSUSULIT?

**Basahin:** Ang pagsusulit ay maaaring mahirap. Pero mahalaga ang mga ito para malaman natin kung gaano ang natutuhan natin. Tayo ang responsable dito—na nakakabuti kung gusto nating magtagumpay!

**Talakayin:** Bilang grupo, ibahagi ang inyong mga ideya tungkol sa mga tanong na ito:

1. Ano ang ginawa ninyo para mahusay na masagutan ang mga test?
2. Ano ang ikinatatakot ninyo tungkol sa mga test o pagsusulit? Paano ninyo madadaig ang mga ito?
3. Paano ninyo babaguhin ang paraan ng paghahanda ninyo para sa mga test?

**Basahin:** Narito ang ilang bagay na magagawa natin para maging mahusay sa mga test:

- Manalangin nang may pananampalataya! Magdasal bago mag-aral *at* bago mag-test.
- Maghandang mabuti; mag-aral mabuti.
- Planuhin ang iyong oras sa pagsusulit; magpasiya kung ilang oras ang iuukol mo sa bawat tanong o section sa iyong pagsisimula.
- Basahing mabuti at basahin muli ang mga instruksiyon: ano talaga ang gusto nila?
- Tapusin muna ang pinakamadadaling tanong para magkaroon ng tiwala sa sarili, at balikan ang iba pang mga tanong.
- Magtanong kung makakakuha ka ng negatibong puntos para sa maling mga sagot: kung hindi, hulaan.

## PAANO KO MAGAGAWA ANG INAASAHAN NG GURO?

**Talakayin:** Bakit napakahalaga na malaman at maisagawa ang mga inaasahan ng inyong guro?

**Praktis:** Humarap sa isa pang kagrupo. Isa sa inyo ang gaganap na guro at ang isa naman ay gaganap na estudyante. Itatanong ng estudyante sa guro ang mga tanong na nasa ibaba. Maaaring mag-imbento ng mga sagot ang mga guro. Pagkatapos ay magpalitan ng mga role at isadula itong muli.

1. Paano po ako magtatagumpay sa inyong klase?
2. Ano po ang gusto ninyong matutuhan at gawin ko?
3. Paano ninyo mai-evaluate ang aking performance sa pag-aaral?
4. Ano ang pinakamahalaga sa inyo? Partisipasyon, pagiging alisto, paghahanda? Iba pang bagay?

**Talakayin:** Ngayong napraktis mo na ito, magagawa mo ba ito sa totoo mong mga guro? Kailan mo gagawin ito?

# PAG-ISIPANG MABUTI

## ANO ANG DAPAT KONG GAWIN PARA MAS UMUNLAD?

**Oras**: I-set ang timer nang 10 minuto para sa section na Pag-isipang Mabuti.

**Praktis**: Basahin ang banal na kasulatan sa kanan o mag-isip ng iba pang banal na kasulatan. Tahimik na pag-isipang mabuti ang iyong natutuhan. Isulat sa ibaba ang anumang impresyong nadama mo.

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

**Talakayin**: May gusto bang magbahagi ng kanyang mga ideya?

*"Humingi, at iyon ay ibibigay sa inyo; maghanap, at kayo'y makasusumpong, kumatok, at kayo'y pagbubuksan."*

**3 NEPHI 14:7**

# MANGAKONG GAWIN

## PAANO AKO MAGKAKAROON NG PROGRESO ARAW-ARAW?

**Oras**: I-set ang timer nang 10 minuto para sa section na Mangakong Gawin.

**Praktis**: Pumili ng action partner. Pagpasiyahan kung kailan at paano kayo magkakausap.

*Pangalan ng action partner*

*Contact information*

**Basahin nang malakas ang bawat pangako sa iyong action partner. Mangakong tuparin ang iyong mga ipinangako! Lumagda sa ibaba.**

### ANG AKING MGA PANGAKO

**Ituturo ko sa aking pamilya o mga kaibigan kung paano matuto sa pamamagitan ng pananampalataya.**

**Gagawin ko araw-araw ang mahahalagang bagay para matuto sa pamamagitan ng pag-aaral sa silid-aralan.**

**Ipagpapatuloy ko ang pagproseso ng aking PEF loan, kung kailangan ko ng loan.**

Gagawin ko ang alituntunin sa *My Foundation* na pinag-aralan ngayon at ituturo ito sa aking pamilya.

Magdadagdag ako sa aking impok—kahit kaunti lang.

Magrereport ako sa aking action partner.

*Ang aking lagda*

*Lagda ng action partner*

## PAANO KO IREREPORT ANG AKING PROGRESO?

**Praktis**: Bago ang susunod na miting, gamitin ang commitment chart na ito para irekord ang iyong progreso. Sa mga kahon sa ibaba, isulat ang "Oo," "Hindi," o ang bilang kung ilang beses mong tinupad ang iyong pangako.

| *Itinuro ko sa aking pamilya o mga kaibigan kung paano matututo sa pamamagitan ng pananampalataya (Oo/Hindi)* | *Ginawa ang lahat ng mahahalagang bagay para matuto sa pamamagitan ng pag-aaral sa silid-aralan (Oo/Hindi)* | *Ipinagpatuloy ang pagproseso ng aking PEF loan kung kailangan ko ng loan (Oo/Hindi)* | *Ginawa ang alituntunin sa Foundation at itinuro ito sa pamilya (Oo/Hindi)* | *Nagdagdag sa impok na pera (Oo/Hindi)* | *Nagreport sa action partner (Oo/Hindi)* |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |

**Basahin**: Alalahanin din na irekord ang iyong mga gastusin sa likod ng iyong booklet na *My Path to Self-Reliance*.

Sa susunod nating miting, muli nating gagawin ang ating self-reliance assessments para makita kung lalo tayong nagiging self-reliant. Kailangan nating dalhin ang ating mga booklet na *My Path to Self-Reliance*.

Pumili ng facilitator para sa paksa sa *My Foundation* sa susunod na miting. (Hindi alam kung paano mag-facilitate ng paksa sa *My Foundation*? Basahin sa pahina 17 at sa inside front cover.)

Hilingan ang isang tao na magbigay ng pangwakas na panalangin.

***Tumatanggap ng Feedback***

*Ipadala lamang ang iyong mga ideya, feedback, mga mungkahi, at mga karanasan sa srsfeedback@ldschurch.org.*

***Paalala sa Facilitator:***

*Para sa susunod na miting, magdala ng limang ekstrang kopya ng* My Path to Self-Reliance.

# Mga Resources

## PAGREREPORT NG AKING PROGRESO

Pumili ng mga role at isadula ang sumusunod.

***FACILITATOR:*** *Irereport natin ngayon ang ating progreso. Robert, maaari bang ikaw na ang magsimula?*

***ROBERT:*** *Okey. Ang unang tanong ay "Bakit gusto ko na lalo pang maging self-reliant?" Alam ninyo ang sitwasyon ko—may lumalaking pamilya at maraming responsibilidad—kaya kailangan ko ng magandang trabaho. Gusto ko talagang maging self-reliant para mapangalagaan ang pamilya ko at mas magampanan ang calling ko.*

***ROBERT:*** *Ang kasunod na tanong ay "Magkanong kita ang kailangan ko?" Nakabuti sa amin ang pagbabadyet. Kailangan pa namin na higit pang doblehin ang kinikita namin ngayon. At okey lang iyon; magagawan iyon ng paraan.*

***ROBERT:*** *Susunod, "Anong klaseng trabaho sa hinaharap ang magbibigay sa akin ng gayong kita?" Maganda ang trabaho sa translation. Dalawang wika ang sinasalita ko ngayon. At flexible ang oras sa trabaho.*

***MEKALA:*** *Nasa Preferred Jobs List ba iyan?*

***ROBERT:*** *Oo, naroon. Maraming nangangailangan nito.*

***ROBERT:*** *Okey "Anong training ang kailangan ko?" Kailangan kong pagbutihin ang aking language skils. At bukod rito, kailangan ko ring matutuhan ang teknolohiya at ilang skills sa negosyo. Nalaman ko rin na kailangan ko ng apprenticeship para makapasok sa trabaho.*

***KWAME:*** *Nakahanap ka ng paaralan na ginagawa ang lahat ng iyan?*

***ROBERT:*** *Oo! At ang program at paaralan ay parehong nasa Preferred Schools and Programs List. Umaasa ako na makapasok sa Advanced Translation program sa Lingua Celeri. Marami silang naipapasok sa trabaho, magandang apprenticeships, at mahuhusay na koneksyon.*

***JANYA:*** *Gaano katagal ang program at magkano ang bayad?*

***ROBERT:*** *Dalawang taon, kasama na ang apprenticeship. Sa gabi ko ito halos nagagawa, para magampanan ko ang aking calling. Kaya naming bayaran ang kalahati ng halaga at kailangan ko ang PEF loan para sa iba pang bayarin.*

***FACILITATOR:*** *Magaling, Robert. May mga inaalala o may mga tanong ka ba?*

***ROBERT:*** *Inaalala naming mag-asawa ang mga oras na malayo kami sa pamilya, lalo na sa calling ko sa Simbahan. Pero tinanong namin ang mga bata at sang-ayon naman ang lahat. Talagang mati-triple ang kikitain ko.*

***FACILITATOR:*** *Magandang report. May feedback ba kayo o maipapayo kay Robert?*

***JANYA:*** *Madali bang sumakay papunta sa paaralan mo, at nagplano ka ba kung paano babayaran ang mga halagang iyon?*

***ROBERT:*** *Sumasakay ako ng dalawang bus kada papunta at pabalik, at hindi pa, hindi ko naisip iyan. Salamat at naitanong mo iyan.*

***KWAME:*** *Sa palagay ko magiging mahusay kang translator. Mabilis kang mag-isip at mahusay magsalita. Makakapag-translate ka ba habang nag-aaral ka para magkaroon ka ng experience?*

***ROBERT:*** *Magandang ideya 'yan. May kakilala ba kayo na mapagtatanungan ko?*

**Bumalik sa pahina 82**

## EDUKASYON ANG SUSI SA OPORTUNIDAD

Magsalitan sa pagbabasa ng sumusunod na mga pahayag.

**Thomas S. Monson**

"Hinihimok kong ipagpatuloy ninyo ang inyong pag-aaral at pag-aralan ang magagamit na mga kasanayan upang . . . kayo'y handang maglaan. Madaragdagan ang inyong mga talento habang nag-aaral kayo at natututo. Mas matutulungan ninyo ang inyong mga anak na matuto, at mapapanatag ang inyong isipan na malaman na naihanda ninyo ang inyong sarili para sa mga maaaring mangyari sa inyong buhay" (" 'Be Thou an Example,' " Ensign, Nob. 2001, 99).

**Gordon B. Hinckley**

"Magplano ngayon para sa lahat ng edukasyon na maaari ninyong matamo, at pagkatapos ay kumilos para maisakatuparan ang planong iyan. . . . Magkaroon kayo ng pananaw na hindi panandalian" ("Four B's for Boys," Ensign, Nob. 1981, 40).

**Doktrina at mga Tipan 130:18**

"Anumang alituntunin ng katalinuhan ang ating matamo sa buhay na ito, ito ay kasama nating babangon sa pagkabuhay na mag-uli."

**Doktrina at mga Tipan 88:78-80**

"Masigasig kayong magturo at ang aking biyaya ay dadalo sa inyo, upang kayo ay lalong ganap na matagubilinan . . . ng mga bagay maging sa langit at sa lupa, at sa ilalim ng lupa; mga bagay na nangyari na, mga bagay na nangyayari, mga bagay na malapit nang mangyari. . . . Upang kayo ay maging handa sa lahat ng bagay kapag kayo ay muli kong isusugo upang gawin ang tungkulin kung saan ko kayo tinawag."

**Bumalik sa pahina 84**

## EDUKASYON SA TUNAY NA BUHAY

Ipabasa ito nang malakas sa isang kagrupo habang tinitingnan ng iba ang mga tala o notes sa pahina 85.

***Henry B. Eyring***

*Sa pagbabalik-loob sa ebanghelyo ni Jesucristo nagkakaroon tayo ng hangaring matuto. . . . Ito ay likas na bunga ng pamumuhay sa ebanghelyo ni Jesucristo. . . . Kung patuloy tayong maghahangad na matuto upang lalo pang mapaglingkuran ang Diyos at ang Kanyang mga anak, ito ay pagpapala na may malaking kahalagahan. . . .*

*Ang Panginoon at ang Kanyang Simbahan ay palaging hinihikayat ang mga tao na mag-aral upang dagdagan ang ating kakayahan na maglingkod sa Kanya at sa [Kanyang] mga anak. Para sa bawat isa sa atin, anuman ang ating mga talento, may nakalaan Siyang paglilingkod na dapat nating ibigay. At upang maisagawa ito nang mabuti palaging kailangan ang pag-aaral, hindi lamang minsan o sa limitadong panahon, kundi patuloy na gawin ito.*

*. . . Sa pamamagitan ng panalangin, pag-aayuno, at pagsusumigasig, lakip ang hangaring paglingkuran Siya, maaasahan natin ang Kanyang tulong. . . . Ibig sabihin [nito] mas mabilis tayong matututo at huhusay sa mga kasanayan nang higit pa sa magagawa natin sa angkin nating mga kakayahan. . . .*

*Dapat nating unahing matutuhan ang mga bagay na espirituwal. . . . Interesado kayong matuto, hindi lamang para sa buhay na ito kundi para sa buhay na walang hanggan. Kapag malinaw ninyong naunawaan iyan, uunahin ninyo ang espirituwal na pag-aaral nang hindi kinaliligtaan ang sekular na pag-aaral. Katunayan, mas magsusumigasig pa kayo sa inyong sekular na pag-aaral kaysa noong wala kayong espirituwal na pananaw. . . .*

*. . . Parehong alam ng Panginoon ang kailangan Niyang ipagawa sa inyo at ang kailangan ninyong malaman para magawa ito. Maaasahan ninyo nang may tiwala na naghanda Siya ng mga oportunidad para matuto kayo. . . .*

*Hindi dapat mahinto ang ating pag-aaral. . . . Ang tunay na buhay na pinaghahandaan natin ay buhay na walang hanggan. . . . Naniniwala tayo na nais ng Diyos, ng ating Ama sa Langit, na matamasa natin ang buhay na tinatamasa Niya. Lahat ng natutuhan nating totoo habang narito tayo sa lupa ay kasama sa pagbangon natin sa Pagkabuhay na Mag-uli. At lahat ng matututuhan natin ay magpapaibayo sa kakayahan nating maglingkod. . . .*

*Dalangin kong madama ninyo ang lubos na pasasalamat sa Dalubhasang Guro, ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Dalangin ko na madama ninyo ang malaking paglilingkod na inaasahan sa inyo ng mapagmahal na Ama sa Langit at na makikita ninyo ang mga oportunidad na matuto na Kanyang inihanda para sa inyo.* (“Real-Life Education,” New Era, Abr. 2009, 2–8)

**Bumalik sa pahina 85**

## PAGKATUTO AT MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

Ipabasa ito nang malakas sa isang kagrupo habang ang grupo ay nagpapraktis magsulat ng mga tala o notes sa pahina 86.

***DALLIN H. OAKS AT KRISTEN M. OAKS***

*Bilang mga Banal sa mga Huling Araw naniniwala tayo sa edukasyon. . . . Itinuturo sa atin ng ating relihiyon na dapat nating hangaring matuto sa pamamagitan ng Espiritu at tungkulin nating gamitin ang ating kaalaman para sa kapakinabangan ng sanlibutan. . . . Maitutuon at mapapasidhi ng Espiritu [ng Ama sa Langit] ang ating mga pagsisikap na matuto at mapalawak ang kakayahan nating unawain ang katotohanan. . . .*

*Ang ating mga pagsisikap na matuto ay dapat haluan ng personal na pagkamarapat para patnubayan ng Espiritu Santo. . . . Itinataboy ng kasalanan ang Espiritu ng Panginoon, at kapag nangyari iyon, naglalaho ang natatanging inspirasyon ng Espiritu at aandap ang pinagmumulan ng pagkatuto. . . .*

*. . . Sa makabagong paghahayag may pangako sa atin na kung nakatuon ang ating mata sa kaluwalhatian ng Diyos, na kinabibilangan ng personal na pagkamarapat, ang ating "buong katawan ay mapupuno ng liwanag, at walang magiging kadiliman sa [atin]; at yaong katawan na puno ng liwanag ay nakauunawa sa lahat ng bagay" (D at T 88:67). . . .*

*. . . Ang pagsisisi, na naglilinis sa atin mula sa kasalanan sa pamamagitan ng nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo, samakatwid ay isang mahalagang hakbang sa landas ng pagkatuto sa lahat ng naghahangad ng liwanag at katotohanan sa pamamagitan ng kapangyarihang magturo ng Espiritu Santo. . . .*

*Sa ating mga piniling pag-aralan dapat tayong maghandang itaguyod ang ating sarili at yaong mga aasa sa atin. Dapat tayong magkaroon ng mga kasanayang uupahan ng iba. Kailangan ang edukasyon para sa sarili nating seguridad at kapakanan.*

*Umaasa ang ating Ama sa Langit na gagamitin natin ang ating kalayaang pumili at inspirasyon sa pagsusuri sa ating sarili at sa ating mga kakayahan at magpapasiya tayo kung ano ang kursong dapat nating pag-aralan. . . . Basahin ang inyong patriarchal blessing, isipin ang likas ninyong mga potensyal at talento, at humayo. Gawin ang unang hakbang, at darating ang mga oportunidad. . . . Sa Panginoon, "lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa [ating] ikabubuti" (Mga Taga Roma 8:28). . . .*

*Maaaring mahirapan tayong kamtin ang ating mga mithiin, ngunit maaari tayong matuto sa ating mga pakikibaka na tulad sa ating pag-aaral. Ang kalakasang tinaglay natin sa pagdaig sa mga hamon ay mapapasaatin sa darating na mga kawalang-hanggan. . . .*

*Higit sa lahat, obligasyon nating ipagpatuloy ang ating espirituwal na edukasyon sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan at literatura ng Simbahan at sa pagsisimba at pagpunta sa templo. Ang pagpapakabusog sa mga salita ng buhay ay magpapahusay sa atin, magpapaibayo ng ating kakayahang turuan ang ating mga minamahal, at maghahanda sa atin para sa buhay na walang hanggan.*

*Ang pinakalayunin ng edukasyon ay gawin tayong mas mabubuting magulang at lingkod sa kaharian. . . . Ang edukasyon ay kaloob ng Diyos; ito ay isang batong panulok ng ating relihiyon kapag ginagamit natin ito para makinabang ang iba. ("Pagkatuto at mga Banal sa mga Huling Araw," Liahona, Abr. 2009, 26–31)*

**Bumalik sa pahina 86**

## MGA TALA




# 6
# *Paano ako magtatagumpay sa labas ng klase?*

## Education for Better Work

# PARA SA MGA FACILITATOR

**Sa araw ng miting:**

- I-text o tawagan ang lahat ng group member. Anyayahan sila na dumating nang mas maaga ng 10 minuto para makapagreport tungkol sa kanilang mga ipinangako.
- BAGO! Magdala ng limang ekstrang kopya ng *My Path to Self-Reliance*.
- BAGO! Sa susunod na anim na miting, gagamitin natin ang aklat na *My Job Search*. Magdala ng ilang kopya sa miting na ito para makita ito ng mga group member.




**30 minuto bago magmiting:**

- Iayos ang mga upuan paikot sa isang mesa para magkakalapit ang lahat.
- Isulat ang commitment chart na ito sa pisara.

| Pangalan ng group member | Itinuro sa aking pamilya o mga kaibigan kung paano matuto sa pamamagitan ng pananampalataya (Oo/Hindi) | Ginawa ang lahat ng susi para matuto sa pamamagitan ng pag-aaral sa loob ng klase (Oo/Hindi) | Kinumpleto ang PEF loan process kung kailangan ko ng loan (Oo/Hindi) | Ginawa ang alituntunin sa Foundation at itinuro ito sa pamilya (Oo/Hindi) | Nagdagdag sa impok na pera (Oo/Hindi) | Nagreport sa action partner (Oo/Hindi) |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Gloria | Oo | Oo | Hindi | Oo | Oo | Oo |
| | | | | | | |
| | | | | | | |

**10 minuto bago magmiting:**

- Masayang batiin ang mga tao pagdating nila.
- Pagdating ng mga group member, ipakumpleto sa kanila ang commitment chart sa pisara.
- Mag-assign ng timekeeper.

**Sa pagsisimula:**

- Ipa-turn off sa mga tao ang kanilang mga phone at iba pang devices.
- Magsimula sa panalangin (at himno, kung gusto).
- Tahimik na hilingin sa mga huling dumating na i-turn off ang kanilang phone at kumpletuhin ang commitment chart habang patuloy na nagtatalakayan ang grupo.
- I-set ang timer nang 20 minuto para sa *My Foundation.*
- Ginawa ang alituntunin 6 sa *My Foundation*. Pagkatapos ay balikan ang workbook na ito at ituloy ang pagbabasa sa kasunod na pahina.

# MAGREPORT

## TINUPAD KO BA ANG MGA PANGAKO KO?

**Oras:** I-set ang timer nang 20 minuto para sa section na Magreport.

**Praktis:** Ireport natin ang ating mga ipinangako. Mangyaring tumayo ang mga tumupad sa lahat ng kanilang pangako. (Palakpakan.)

**Basahin:** Ngayon, magsitayo ang lahat. Dapat nating sikaping tuparin ang lahat ng ating ipinangako. Isa iyan sa mga pag-uugaling dapat taglayin ng mga taong self-reliant. Ulitin natin nang sabay-sabay ang ating theme statements:

> **"At layunin ko ito na maglaan para sa aking mga banal, sapagkat lahat ng bagay ay akin."**
>
> *Doktrina at mga Tipan 104:15*
>
> **Taglay ang pananampalataya sa Panginoon, nagtutulungan tayo na maging self-reliant.**

**Basahin:** Magsiupo tayo.

**Talakayin:** Ano ang natutuhan ninyo nang tuparin ninyo ang inyong mga ipinangako sa linggong ito? Kailangan ba ninyo ng tulong mula sa grupo?

# PAG-ARALAN

## PAANO AKO MAGHAHANDA SA LABAS NG KLASE?

**Oras:** I-set ang timer nang 60 minuto para sa section na Pag-aralan.

**Basahin:** Noong nakaraang linggo, tinalakay natin kung paano matututo sa pamamagitan ng pananampalataya at kung paano matututo sa pamamagitan ng pag-aaral sa loob ng klase. Sa linggong ito, magpopokus tayo kung paano maghanda sa labas ng klase.

| Linggo 1 | Linggo 2 | Linggo 3 | Linggo 4 | Linggo 5 | LINGGO 6 |
|---|---|---|---|---|---|
| Anong klaseng trabaho ang makakatulong sa akin para maging self-reliant? | Anong edukasyon ang makakatulong sa akin na maging kwalipikado sa aking trabaho? | Paano ko tutustusan ang aking pag-aaral? | Dapat ba akong mag-loan sa Perpetual Education Fund? | Paano ako magtatagumpay sa loob ng klase? | Paano ako magtatagumpay sa labas ng klase? |

**Basahin:** Sa linggong ito, hahanapin natin ang mga sagot sa tanong na ito at gagawin ito:

**Basahin:** **TANONG SA LINGGONG ITO—Paano ako magtatagumpay sa labas ng klase?**

**GAGAWIN SA LINGGONG ITO—Pag-iibayuhin ang aking espirituwal na paghahanda at paghuhusayin ang aking mga kasanayan at gawi sa pag-aaral, pati na ang pakikipagtulungan sa iba at pagtatapos ng mga assignment.**

## PAANO AKO ESPIRITUWAL NA MAGHAHANDA?

**Basahin**: Malaki ang kalamangan natin kapag nag-aral tayo. Maaari nating sundin ang Banal na Espiritu, na nakakaalam ng katotohanan ng lahat ng bagay! Kahit masyado tayong abala, dapat tayong mag-ukol ng oras kada araw para espirituwal na maghanda. At matutulungan tayo ng Espiritu na matuto nang mabilis at mas makaalala pa.

**Panoorin**: "Pagiging Handa sa Espirituwal" (Walang video? Basahin sa pahina 112.)

**Talakayin**: Paano tayo magiging karapat-dapat sa patnubay ng Espiritu? Paano tayo tutulungang matuto ng Espiritu?

**Basahin**: Narito ang ilang susi sa espirituwal na paghahanda:

- Manalangin umaga at gabi; manalangin bago at pagkatapos mag-aral; hilingin sa Ama sa Langit na basbasan ang ating isipan at pagsisikap.
- Basahin ang mga banal na kasulatan araw-araw.
- Sundin ang mga kautusan; panatilihing malinis at dalisay ang ating sarili.
- Maglingkod sa kapwa; tulungan ang iba na matuto kasama natin.

**Praktis**: Nakalista sa chart sa ibaba ang mga alituntunin na makakatulong sa iyo na maghanda sa espirituwal at magtagumpay sa iyong pag-aaral.

Pag-isipan kung gaano mo na napagbuti ang sumusunod na mga aspeto. Magsulat ng mga paraan para humusay pa.

| | |
|---|---|
| Nadarama ko na tinutulungan ako ng Espiritu at hinihikayat ako. | |
| Ang aking hangaring matuto, ang aking pagmamahal sa pag-aaral, at kakayahang matuto ay nag-iibayo. | |
| Sinusunod ko ang mga kautusan ng Diyos at isinasagawa ko ang mga alituntunin ng epektibong pag-aaral. | |
| Nag-aaral ako araw-araw; pinaplano ko ang oras ko at sinusunod ang aking plano; tinatapos ko ang mga assignment ko sa takdang oras. | |
| Unti-unti akong nagkakaroon ng mga katangiang katulad ng kay Cristo at tinutulungan ang iba na gayon din ang gawin. | |

**Talakayin**: Ano ang maipapangako ng bawat isa sa atin para mapagbuti ang ating espirituwal na paghahanda? Paano natin matutulungan ang isa't isa na matupad ang mga pangakong ito?

*"Tayo ay narito sa mundo para maghanda sa kawalang-hanggan, matutuhan kung paano matuto, matutuhan ang mga bagay na mahalaga sa temporal at walang hanggan ang kahalagahan, at tulungan ang iba na matuto ng karunungan at katotohanan [tingnan sa D at T 97:1]."*

**DAVID A. BEDNAR, "Learning to Love Learning," *Ensign,* Peb. 2010, 27**

## PAANO AKO MAGHAHANDA SA LABAS NG KLASE?

**Basahin:** Narito ang apat na susi sa pagtatagumpay habang naghahanda tayo sa labas ng klase. Pag-aaralan natin ang bawat isa.

| | |
|---|---|
| **Magplano para sa epektibong pag-aaral** | **Makipagtulungan at matuto sa iba** |
| **Magbasa para makaunawa at makaalala** | **Tapusin ang mga assignment sa takdang oras** |

**Matuto sa pamamagitan ng pag-aaral: maghanda sa labas ng klase**

## PAANO AKO MAGPAPLANO PARA SA EPEKTIBONG PAG-AARAL?

**Talakayin:** Bakit mahalagang magplano kung saan at kailan ka mag-aaral? Bakit mahalagang planuhing mabuti ang iyong oras?

**Praktis:** Magsama ng ibang kagrupo. Tulungan ang isa't isa na magpasiya kung kailan at saan kayo mag-aaral kapag simula na ang klase.

1. Makakahanap ka ba ng lugar na malinis at tahimik kung saan ka mag-aaral kada araw? Saan ka mag-aaral? ________________
2. Maipaplano mo bang mag-aral sa isang partikular na oras sa bawat araw?

Lun. ____________ Mart. __________ Miyer. _________

Huweb. _________ Biyer. __________ Sab. __________

**Praktis:** Kasama ang ibang kagrupo, ilista ang anumang problema na nakakahadlang sa inyo sa pag-aaral bawat araw. Pagpasiyahan kung paano ninyo lulutasin ang mga problemang ito.

| ANO ANG NAKAKAHADLANG SA AKIN SA PAG-AARAL? | PAANO KO LULUTASIN ANG PROBLEMANG ITO? |
|---|---|
| *Mga kapitbahay na nag-iingay* | *Magalang na pahintuin sila mula 3-5 n.h.* |
| .......... | .......... |
| .......... | .......... |
| .......... | .......... |

## PAANO AKO MAGHAHANDA SA LABAS NG KLASE?

**Basahin**: May mga tao na mas natututo kapag nasa isang grupo. Ang ating self-reliance group ay magandang halimbawa!

**Talakayin**: Bakit magandang lugar ang ating self-reliance group para matuto? Paano ka natulungan ng ating grupo na kumilos at maging responsable?

**Basahin**: Kapag natututo tayo sa paaralan, karaniwan ay napapalibutan tayo ng ating mga kaklase. Nagsisikap din sila na matuto. Kung makakahanap tayo ng tamang tao, matutulungan nila tayo at matutulungan natin sila.

**Talakayin**: Talakayin ang mga susing ito sa epektibong pag-aaral ng grupo. Pag-usapan ang panahon na marami kang natutuhan mula sa isang study group. Pag-usapan ang panahon na hindi ka gaanong natuto. Ano ang pagkakaiba?

- Hanapin ang pinakamahuhusay na estudyante na makakasama mo—lalo na yaong kasing sigasig mo sa pag-aaral.
- Magtakda ng regular na oras para mag-aral nang magkasama.
- Para masimulan ang bawat sesyon sa pag-aaral, magkasundo sa isang mithiin.
- Tapusin ang sesyon sa pag-aaral sa paggawa ng mga pangako—ano ang gagawin ng bawat isa sa inyo at kailan ninyo ito matatapos?
- Magkatuwaan pero manatiling nakapokus.
- Maging handa at gawin ang iyong bahagi. Tulungan ang iyong mga kagrupo na matuto. Alamin ang lahat ng maaari mong matutuhan mula sa kanila.

**Praktis**: Paano mo gagamitin ang study group para mapag-ibayo ang iyong pagkatuto? Isulat ang iyong mga ideya at pagkatapos ay gawin ang mga ito.

## PAANO KO MAUUNAWAAN AT MAAALALA ANG NABASA KO?

**Basahin**: Malamang na marami tayong gagawing pagbabasa sa paaralan. Maraming bagay ang magagawa natin para maunawaan at maalala ang nabasa natin.

**Talakayin**: Talakayin ang mga hakbang na ito na tutulong sa iyo na maunawaan, maalala, at maisagawa ang nabasa mo.

1. Manalangin. Hilingin sa Espiritu na tulungan ka na makaunawa at makaalala.
2. Gumawa ng outline. Isulat ang mga pangunahing ideya tungkol sa nabasa mo. Pagkatapos ay magdagdag ng suportang mga ideya, impormasyon, at mga datos. Muling repasuhin ang mga tala o notes na ito sa araw na iyon, pagkaraan ng isang lingo, at pagkaraan ng isang buwan.
3. Kung sa iyo ang textbook, guhitan o markahan ang mahahalagang salita at bagong bokabularyo; isulat ang kahulugan sa gilid o margin.
4. Sumulat ng mga notes sa mga margin; ipakita ang mga koneksyon at pamamaraan; iugnay ang bagong impormasyon sa dating alam mo na.
5. Bigyan ng quiz ang iyong sarili; maghanap ng paraan na magamit at maisagawa ang impormasyong ito.

**Praktis**: Bilang grupo, tingnan ang artikulong ito. Paano ginamit ng mambabasa ang lahat ng ideya sa itaas? Repasuhin ang study outline ng mambabasa sa kasunod na pahina. Ano ang natutuhan ninyo tungkol sa epektibong pagbabasa?

### ANG TATLONG PRINSIPYO NG PAGPILI

*Pangulong Thomas S. Monson*

Nitong huli ay iniisip ko ang tungkol sa mga pagpili at mga bunga nito. . . . Habang pinag-iisipan ko ang iba't ibang aspeto ng pagpili, nagawan ko ito ng tatlong kategoriya: una, ang *karapatang* pumili; pangalawa, ang *responsibilidad* sa pagpili; at pangatlo, ang *mga resulta* ng pagpili. . . .

*Panalangin: Dama kong kailangan ko ang mensaheng ito.*

Una kong babanggitin ang *karapatang* pumili. Labis akong nagpapasalamat sa mapagmahal na Ama sa Langit sa Kanyang kaloob na kalayaan, o karapatang pumili. . . . Alam natin na may kalayaan na tayo bago pa itinatag ang mundong ito at tinangka itong kunin ni Satanas sa atin. . . . Alam nating mga pumili sa plano ng Tagapagligtas na tatahak tayo sa mapanganib at mahirap na paglalakbay, dahil sumusunod tayo sa mga paraan ng mundo at nagkakasala at nagkakamali, kaya napuputol ang kaugnayan natin sa ating Ama. Ngunit ang Panganay na Anak sa Espiritu ay inialok ang Kanyang sarili bilang sakripisyo upang magbayad-sala sa mga kasalanan ng lahat. . . . Anuman ang ating limitasyon dahil sa ating sitwasyon, lagi tayong may karapatang pumili.

*Ang "kalayaan" ay ang karapatang pumili.*

*Maitutuwid ng Pagbabayad-sala ang mga maling pagpili kung magsisisi ako.*

**ANG TATLONG PRINSIPYO NG PAGPILI (KARUGTONG)**

Susunod, kaakibat ng ***karapatang*** pumili ay nariyan ang *responsibilidad* sa pagpili. . . . Hindi tayo ipinadala ng ating Ama sa Langit sa ating walang hanggang paglalakbay nang hindi naglalaan ng paraan upang matanggap natin mula sa Kanya ang patnubay ng Diyos upang alalayan tayo sa ligtas na pagbalik pagkatapos ng buhay sa mundo. Ang tinutukoy ko ay ang panalangin. Tutukuyin ko rin ang mga bulong mula sa marahan at banayad na tinig na nasa ating kalooban, at hindi ko nalilimutan ang mga banal na kasulatan, na isinulat ng mga marinong matagumpay na nilayag ang mga karagatang kailangan din nating tawirin. . . . Mga desisyon ***talaga*** ang nagpapasiya ng tadhana. . . .

*Kailangan kong mas makinig nang mabuti kapag nagdarasal ako.*

Sa huli . . . tutukuyin ko ang *mga bunga* ng pagpili. Lahat ng pagpili natin ay may mga bunga. . . . Kayo ay mula sa isang maharlikang lahi. Buhay na walang hanggan sa kaharian ng ating Ama ang inyong mithiin. Ang gayong mithiin ay hindi nakakamtan sa isang maluwalhating pagtatangka kundi ito ay bunga ng habambuhay na kabutihan, matatalinong pasiya. . . .

*Natutuhan ko ito sa aking misyon.*

Mapuspos nawa tayo ng pasasalamat para sa ***karapatang*** pumili, tanggapin nawa natin ang ***responsibilidad*** sa pagpili at mag-ingat tayo sa ***mga bunga*** ng pagpili. . . . Tayo ay abala sa gawain ng Panginoong Jesucristo. Tayo, gaya noong unang panahon, ay tumugon sa Kanyang tawag. Gawain niya ang ating ginagawa. (*Ensign* o *Liahona*, Nob. 2010, 67–70)

*Paano ito nauugnay sa aking mga mithiin?*

**OUTLINE NG PAG-AARAL (SA STUDY JOURNAL)**

1. *Karapatang pumili*

   *May kalayaan tayo; binigyan tayo ng Panginoon ng kalayaang pumili*

2. *Responsibilidad na pumili*
3. *Mga bunga ng ating pagpili*

   *Kamtin ang mga mithiin sa pamamagitan ng tamang pagpili*

4. *Kailangang gumawa ng mabubuting pagpili, mahalaga sa buhay*

**Praktis**: Nang ikaw lang sa sarili mo, pumunta sa pahina 113 at basahin ang "Maghangad na Matuto sa Pamamagitan ng Pananampalataya." Pagsikapang makaunawa at makaalala nang mabuti. Gawin ang lahat ng limang hakbang sa pahina 104.

Nang hindi muling tinitingnan ang artikulo, sagutan ang quiz na ito tungkol sa nabasa mo. Nagbasa ka ba para makaunawa at makaalala?

1. Ano ang kailangan mong gawin para maghangad na matuto sa pamamagitan ng pananampalataya?

___

2. Bakit mahalagang naghahangad ang bawat isa sa atin na matuto sa pamamagitan ng pananampalataya?

___

3. Paano ipinakita ni Joseph Smith na gustong niyang matuto sa pamamagitan ng pananampalataya?

___

**Talakayin**: Paano mo magagamit ang limang hakbang na ito sa pag-aaral para matulungan ka na mas maalala ang mga impormasyon?

## PAANO KO TATAPUSIN ANG MGA ASSIGNMENT?

**Basahin**: Paano namin mauunawaan at matatapos ang mga assignment sa takdang oras? Paano namin magagawa ang lahat ng makakaya namin? Ang mga tanong na ito ang kinakaharap ng lahat ng estudyante.

**Talakayin**: Ano ang ginawa mo para maunawaan ang mga assignment? Ano ang nakatulong sa iyo na matapos nang maayos at nasa takdang oras ang mga assignment?

**Basahin**: Makabubuting tandaan na ang magandang simula ay karaniwang nagtatapos nang maganda. Kapag nakatanggap tayo ng assignment, makabubuting magplano at magsimula nang maaga!

**Praktis**: I-evaluate ang sarili sa aktibidad na ito. Markahan ng "x" ang isa sa apat na kahon sa bawat row para makita kung gaano ka na kahusay sa mga aspetong ito. Ulitin ito kada ilang linggo para mas humusay pa.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Nagtatanong ako hanggang maunawaan ko nang lubos ang isang assignment. | *Hindi kailanman* | *Kung minsan* | *Madalas* | *Palagi* |
| Kapag nakatanggap ako ng assignment o proyekto, inilalagay ko ang itinakdang petsa sa kalendaryo at ipinaplano ang mga hakbang na gagawin para matapos ito. | *Hindi kailanman* | *Kung minsan* | *Madalas* | *Palagi* |
| Tinitiyak ko na alam ko kung paano ako bibigyan ng grado, at inaalam at ginagawa ko ang lahat ng kailangan para magtagumpay. | *Hindi kailanman* | *Kung minsan* | *Madalas* | *Palagi* |
| Tinatapos ko ang aking mga assignment. Hindi ko ito ipinagpapaliban. | *Hindi kailanman* | *Kung minsan* | *Madalas* | *Palagi* |
| Kung posible, ibinabahagi ko ang progreso ko sa aking guro at humihingi ng tulong kung kinakailangan *bago* ipasa ang assignment. | *Hindi kailanman* | *Kung minsan* | *Madalas* | *Palagi* |

## PANGAKO AT PAGTITIYAGA

**Basahin**: Tayo ba ay nangangakong matututo "sa pamamagitan ng pagaaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya" (D at T 88:118)? Tayo ba ay nangangakong pagsisikapan ito at hindi kailanman susuko?

Naniniwala ba tayo na pag-iibayuhin ng Banal na Espiritu ang ating pagsisikap kung tayo ay karapat-dapat? Natututo ba tayo upang tayo ay makapaglingkod?

**Talakayin**: Paano natin matutulungan ang iba na magtagumpay?

**Praktis**: Sa bahay, itsek ang iyong paghahanda para magtagumpay sa pahina 114.

## LALO BA AKONG NAGIGING SELF-RELIANT?


**Oras**: I-set ang timer nang 15 minuto para sa pahinang ito lamang.

**Basahin**: Ang ating mithiin ay maging self-reliant, kapwa sa temporal at sa espirituwal. Ang pag-aaral at pagkakaroon ng trabaho ay bahagi lamang ng mithiing iyan. Ang pagpapalakas ng ating pananampalataya at pagpapaunlad ng espirituwalidad ang isa pang bahagi niyan.

**Talakayin**: Lalo ba kayong naging self-reliant nang gawin at ituro ninyo ang mga alituntunin sa *My Foundation*?

**Praktis**: Gaano kayo ka-self-reliant ng pamilya mo ngayon? Buksan ang iyong booklet na *My Path to Self-Reliance* sa blankong Self-Reliance Assessment. Gawin ang mga hakbang. Mag-ukol nang tatlong minuto para pag-isipan ang sumusunod:

Mas alam mo na ba ngayon ang iyong mga gastusin? Makakasagot ka na ba ngayon ng "madalas" o "palagi" sa marami sa mga tanong na iyon? Sigurado ka na ba na ang halagang itinakda mo ay sapat na kita para maging self-reliant? Malapit mo na bang maabot ang sapat na kita?




**Basahin**: Ang ating mithiin ay maging self-reliant, kapwa sa temporal at sa espirituwal. Ang pag-aaral ay bahagi lamang ng mithiing iyan. Nagiging self-reliant din tayo sa pamamagitan ng pamumuhay sa mga alituntunin sa *My Foundation* at sa pagkakaroon ng magandang trabaho.

Sa susunod na anim na miting, patuloy nating gagawin ang mga alituntunin sa *My Foundation*. Tatapusin natin ang natitirang mga alituntunin at ang huling proyekto.

Papraktisin natin ang pagkakaroon ng mas magandang trabaho sa paggamit ng *My Job Search* workbook.



# PAG-ISIPANG MABUTI

## ANO ANG DAPAT KONG GAWIN PARA MAS UMUNLAD?

**Oras**: I-set ang timer nang 10 minuto para sa section na Pag-isipang Mabuti.

**Praktis**: Basahin ang banal na kasulatan sa kanan o mag-isip ng iba pang banal na kasulatan. Tahimik na pag-isipang mabuti ang iyong natutuhan. Isulat sa ibaba ang anumang impresyong nadama mo.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**Talakayin**: May gusto bang magbahagi ng kanyang mga ideya?

*"Matuto ka sa akin, at makinig sa aking mga salita; lumakad sa kaamuan ng aking Espiritu, at ikaw ay magkakaroon ng kapayapaan sa akin."*

**DOKTRINA AT MGA TIPAN 19:23**

# MANGAKONG GAWIN

## PAANO AKO MAGKAKAROON NG PROGRESO ARAW-ARAW?

**Oras**: I-set ang timer nang 10 minuto para sa section na Mangakong Gawin.

**Praktis**: Pumili ng action partner. Magpasiya kung kailan at paano kayo magkakausap.

______________________________ ______________________________

*Pangalan ng action partner* *Contact information*

**Basahin nang malakas ang bawat pangako sa iyong action partner. Mangakong tuparin ang iyong mga ipinangako! Lumagda sa ibaba.**

### ANG AKING MGA PANGAKO

**Tuturuan ko ang aking pamilya o mga kaibigan kung paano espirituwal na maghanda para matuto.**

**Gagawin ko araw-araw ang mga susi para matuto sa pamamagitan ng pag-aaral sa labas ng klase.**

**Kukumpletuhin ko ang PEF loan application, kung kailangan ko ng loan.**

Gagawin ko ang alituntunin sa *My Foundation* na pinag-aralan ngayon at ituturo ito sa aking pamilya.

Magdadagdag ako sa aking impok—kahit kaunti lang.

Magrereport ako sa aking action partner.

______________________________ ______________________________

*Ang aking lagda* *Lagda ng action partner*

## PAANO KO IREREPORT ANG AKING PROGRESO?

**Praktis:** Bago ang susunod na miting, gamitin ang commitment chart na ito para irekord ang iyong progreso. Sa mga kahon sa ibaba, isulat ang "Oo" o "Hindi."

| *Itinuro sa aking pamilya o mga kaibigan kung paano espirituwal na maghanda para matuto (Oo/Hindi)* | *Ginawa ang lahat ng susi para matuto sa pamamagitan ng pag-aaral sa labas ng klase (Oo/ Hindi)* | *Kinumpleto ang PEF loan application, kung kailangan ko ng loan (Oo/Hindi)* | *Ginawa ang alituntunin sa* Foundation *at itinuro ito sa pamilya (Oo/Hindi)* | *Nagdagdag sa impok na pera (Oo/ Hindi)* | *Nagreport sa action partner (Oo/Hindi)* |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |

**Basahin:** Alalahanin din na irekord ang iyong mga gastusin sa likod ng iyong booklet na *My Path to Self-Reliance*.

Pumili ng facilitator para sa paksa sa *My Foundation* sa susunod na miting. (Hindi alam kung paano mag-facilitate ng paksa sa *My Foundation*? Basahin sa pahina 17 at sa inside front cover.)

Hilingan ang isang tao na mag-alay ng pangwakas na panalangin.

**Paalala sa Facilitator:** Magdala ng *My Job Search* workbook para sa bawat group member sa susunod na miting.

Magsimula sa pahina 1 ng *My Job Search* sa susunod na miting. Bagama't itutuon ka ng mga materyal sa liham ng Unang Panguluhan at alituntunin 1 ng *My Foundation,* magpatuloy sa alituntunin 7. Sa susunod na 6 na miting, tapusin ang natitirang mga alituntunin sa *My Foundation* at ang huling proyekto.

Sa ika-12 miting, alalahanin na kumpletuhin ang isa pang self-reliance assessment sa likod ng booklet na *My Path to Self-Reliance*.

***Tumatanggap ng Feedback***

*Ipadala lamang ang iyong mga ideya, feedback, mga mungkahi, at mga karanasan sa srsfeedback@ldschurch.org.*

***Paalala sa Facilitator:***

*Matapos kumpletuhin ang lahat ng labindalawang alituntunin sa* My Foundation, *alalahaning ireport ang progreso ng grupo sa srs.lds.org/report para makatanggap sila ng sertipiko mula sa LDS Business College.*

# Mga Resources

## PAGIGING HANDA SA ESPIRITUWAL

Magsalitan sa pagbabasa ng sumusunod.

***JULIE B. BECK***

*Ang kakayahang maging karapat-dapat sa, tumanggap ng, at kumilos ukol sa personal na paghahayag ang kaisa-isang pinakamahalagang kasanayang matatamo sa buhay na ito. Ang pagiging marapat sa Espiritu ng Panginoon ay nagsisimula sa paghahangad sa Espiritung iyon at nagpapahiwatig ng tiyak na antas ng pagkamarapat.*

*Ang pagsunod sa mga kautusan, pagsisisi, at pagpapanibago ng mga tipang ginawa sa binyag ay nagpapala na laging mapasaatin ang Espiritu ng Panginoon [tingnan sa D at T 20:77]. Ang paggawa at pagtupad ng mga tipan sa templo ay nagdaragdag din ng espirituwal na lakas at kapangyarihan. . . .*

*Maraming sagot sa mahihirap na tanong ang matatagpuan sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan dahil tumutulong ito sa paghahayag [tingnan sa 2 Nephi 32:3]. Dumarami ang mga ideyang natatagpuan sa banal na kasulatan habang lumalaon, kaya mahalagang mag-ukol ng ilang oras sa mga banal na kasulatan araw-araw.*

*Mahalaga ring manalangin araw-araw para mapasaatin ang Espiritu ng Panginoon (tingnan sa 3 Nephi 19:24–33). Yaong mga masigasig humingi ng tulong sa panalangin ay kadalasang may kalapit na papel at lapis para magsulat ng mga tanong at magtala ng mga damdamin at ideya.*

*Ang paghahayag ay maaaring dumating oras-oras at maya't maya kapag tama ang ginagawa natin. . . . Ang personal na paghahayag ay nagbibigay sa atin ng pang-unawa kung ano ang gagawin araw-araw para pag-ibayuhin ang pananampalataya at kabutihan ng sarili, patatagin ang mga pamilya at tahanan, at hanapin ang mga nangangailangan ng ating tulong. Dahil ang personal na paghahayag ay pinagmumulan ng lakas na laging napapanibago, posibleng madama na naliligiran tayo ng tulong sa mga oras ng kaguluhan.*

*Sinabihan tayong magtiwala sa Espiritung iyon na umaakay sa atin na "gumawa ng makatarungan, lumakad nang may pagpapakumbaba, maghatol nang matwid" (D at T 11:12). Sinabihan din tayo na liliwanagan ng Espiritung ito ang ating isipan, pupuspusin ng galak ang ating kaluluwa, at tutulungan tayong malaman ang lahat ng bagay na dapat nating gawin (tingnan sa D at T 11:13–14).*

*Ang ipinangakong personal na paghahayag ay dumarating kapag hiniling natin, naghanda tayo para dito, at sumulong tayo nang may pananampalataya, tiwala na ibubuhos ito sa atin. ("At sa mga Lingkod na . . . Babae Naman ay Ibubuhos Ko sa mga Araw na Yaon ang Aking Espiritu," Ensign o Liahona, Mayo 2010, 11)*

**Bumalik sa pahina 101**

## MAGHANGAD NA MATUTO SA PAMAMAGITAN NG PANANAMPALATAYA

Basahin ang mensaheng ito nang mag-isa o kasama ang isang kagrupo. Basahin at markahan ito gamit ang mga ideya sa pahina 104. Repasuhin ito ngayong araw, sa isang linggo, at sa isang buwan. Kung gagawin mo ito, halos maaalala mo ang lahat ng natutuhan mo!

***DAVID A. BEDNAR***

*Ano ang kahulugan ng maghangad na matuto sa pamamagitan ng pananampalataya?*

*. . . Bilang mga anak ng ating Ama sa Langit, tayo ay biniyayaan ng kaloob na kalayaang pumili. . . . Bilang mga tinuturuan, kayo at ako ay dapat kumilos at maging tagatupad ng salita. . . . Kayo ba at ako ay mga kinatawan na kumikilos at naghahangad na matuto sa pamamagitan ng pananampalataya, o naghihintay lang tayo na maturuan at pakilusin? . . . Dapat maging sabik tayong lahat sa paghingi, paghahanap, at pagkatok [tingnan sa 3 Nephi 14:7].*

*. . . Ang matuto sa pamamagitan ng pananampalataya ay nangangailangan ng pagsisikap sa espiritu, kaisipan, at katawan at hindi [basta] pagtanggap lamang. . . . Ang matuto sa pamamagitan ng pananampalataya ay nangangailangan kapwa ng "puso at may pagkukusang isipan" (D at T 64:34). Ang matuto sa pamamagitan ng pananampalataya ay resulta ng pagpapaunawa ng Espiritu Santo sa kapangyarihan ng salita ng Diyos kapwa sa damdamin at sa kaibuturan ng puso. Ang matuto sa pamamagitan ng pananampalataya ay hindi puwedeng mailipat mula sa nagtuturo tungo sa tinuturuan . . . sa halip, ang tinuturuan ay dapat magkaroon ng pananampalataya at kumilos para makamtan ang kaalaman para sa kanyang sarili.*

*Naunawaan ng batang si Joseph Smith kung ano ang kahulugan ng maghangad na matuto sa pamamagitan ng pananampalataya. . . . Malinaw na naihanda niya ang sarili para "humingi nang may pananampalataya" [Santiago 1:6] at para kumilos. . . . Pansinin na ang mga tanong ni Joseph ay natuon hindi lamang sa kung ano ang kailangan niyang malaman kundi kung ano ang kailangan niyang gawin . . . Ang panalangin niya ay hindi para alamin lamang kung aling simbahan ang totoo. Ang tanong niya ay kung anong simbahan ang kanyang aaniban. Nagtungo si Joseph sa kakahuyan para matuto sa pamamagitan ng pananampalataya. Determinado siyang kumilos. . . .*

*Sa katunayan, isa sa mga malalaking hamon ng pagiging mortal ay ang maghangad na matuto sa pamamagitan ng pananampalataya. . . . Itinuro ni Joseph, "Ang pinakamabisang paraan para makamtan ang katotohanan at karunungan ay ang hindi paghanap nito sa mga aklat, sa halip ay dumulog sa Diyos sa panalangin, at kamtan ang banal na aral" [History of the Church, 4:425]. . . .*

*. . . Batay sa karanasan, natulungan ako na maunawaan na ang kasagutang ibinigay ng ibang tao ay karaniwang hindi matatandaan sa matagal na panahon. . . . Ngunit ang kasagutan na natuklasan natin o nakamtan sa tulong ng pananampalataya, ay karaniwang naaalaala sa buong buhay. . . .*

*Ang responsibilidad na maghangad na matuto sa pamamagitan ng pananampalataya ay nakasalalay sa bawat isa sa atin bilang indibiduwal. . . . Ang matuto sa pamamagitan ng pananampalataya ay napakahalaga sa ating espirituwal na pagsulong at sa pag-unlad ng Simbahan. . . . Nawa bawat isa sa atin ay tunay na magutom at mauhaw sa kabutihan at mapuspos ng Espiritu Santo [tingnan sa 3 Nephi 12:6]—upang maghangad tayo na matuto sa pamamagitan ng pananampalataya. ("Maghangad na Matuto sa Pamamagitan ng Pananampalataya," Ensign, Sept. 2007, 63–68 o Liahona, Set. 2007, 19–24)*

**Bumalik sa pahina 106**

## AKTIBIDAD SA TAHANAN: HANDA BA AKONG MAGTAGUMPAY SA PAARALAN?

Kailangan nating maghanda para magtagumpay sa ating pag-aaral o training. Kumpletuhin mo ang assessment na ito. Maaari mong hingan ng opinyon ang iba.

Lagyan ng numero ang unahan ng bawat pahayag, 1, 2, o 3. 1 = kailangang magsikap 2 = katamtaman 3 = mahusay na nagagawa

Magsulat ng ilang ideya kung paano uunlad sa aspetong iyan.

________ **Kusang Pagkilos.** Nagagawa ko ang mahihirap na gawain. Kusa akong kumikilos nang hindi kailangang pilitin pa.

Mga paraan para umunlad:

______________________________________________

________ **Desisyon sa Career.** Malinaw ang mithiin ko, at masigasig na tatapusin ang aking pag-aaral.

Mga paraan para umunlad:

______________________________________________

________ **Maghangad na Matuto.** Gusto kong matuto, at hindi ko hahayaang makahadlang ang mga problema.

Mga paraan para umunlad:

______________________________________________

________ **Pagpaplano.** Responsibilidad ko ang aking buhay. Pinaplano ko ang mga araw at linggo ko, at hinahayaan kong gabayan ako ng Espiritu.

Mga paraan para umunlad:

______________________________________________

________ **Suporta.** Napapaligiran ako ng mga taong sumusuporta, gumagabay, at nagmamahal sa akin. Kung hindi, maghahanap ako ng mga tao na magbibigay ng suporta.

Mga paraan para umunlad:

______________________________________________

________ **Pangangasiwa ng Pera.** Maaari akong kumita at mag-impok ng pera. Nagbabayad ako ng mga bayarin sa takdang oras, pati na sa PEF loan. Hindi ako gumagastos nang higit sa kinikita ko.

Mga paraan para umunlad:

______________________________________________

Ano ang natutuhan mo mula sa karanasang ito? Maikling ibahagi ang iyong mga ideya sa iyong pamilya o mga kaibigan.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

Self-Reliance Services
PERPETUAL EDUCATION FUND

TAGALOG
4 02123 77893 2
12377 893